

Artikulo

ILUB, UNONG, AT AMOK: PAG-UNAWA SA KATATAGAN NG BUUT NG MGA BAYANI SA HIMAGSIKANG PILIPINO SA PANAY, 1896-1898

Vicente C. Villan, Ph.D.

Departamento ng Kasaysayan

University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Ang sanaysay na ito ay isang pagtatangkang magpakita at magpaliwanag ng mga nakatagong istrukturang nagbigay-daan sa pagsiklab ng himagsikang Pilipino sa Panay. Sa pagdulog sa mahalagang yugto ng ating kasaysayan, nanatili pa rin ang salik na sikolohikal bilang nakapangyayaring puwersang naging sanhi para ang mga mamamayan ng Panay ay kumilos, magtaguyod, at maglunsad ng pakikipagdigma laban sa kanilang mga mananakop. Ang mga panghimagsikang pagsisikap at aktwal na mga pakikihamok na pangunahing inilunsad nina Hen. Juan Arce (Sigma), Hen. Hilario Oro (Dumalag), Hen. Macario Lusco (Tapaz), at iba pa sa lalawigan ng Capiz; Hen. Candido Iban (Malinao), Hen. Francisco del Castillo (Kalibo), at iba pa sa Lambak ng Aklan; pati yaong nangagsilunsad ng mga pagkilos sa Iloilo na pinangunahan nina Hen. Martin Delgado, Kol. Quintin Salas, Hen. Adriatico Hernandez, at marami pang iba; kasama na yaong nakisangkot sa bahaging Antique na pinangunahan nina Hen. Leandro Fullon, Kap. Silvestre Salvio, Tnyt. Kol. Ruperto Abellon, at iba pang bayani ng himagsikan; ay hindi maipagkakailang pumapaloob sa larangan at nakapangyayaring bisa ng sikolohiyang nagbigay sa mga ito ng lakas, tapang, at tatag para harapin ang mga Español noong 1896 hanggang 1898.

Ang kolektibong gamit na sikolohikal ng *ilub* (pagpapakumbaba at pagpaparaya sa lahat ng uri ng dalamhating sosyolohikal), *unong* (pagiging maaasahan at matapat sa sinumang itinatanging nilalang), at *amok* (pagiging makatarungan at makatwirang pagpapahayag ng niloloob para sa inaasam na ginhawang pangkatawan, pangkaisipan, at pangkalooban) sa paglikha ng kaganapang pangkasaysayan ay pinanindiganang may malaking iginuhit sa kasaysayan ng himagsikan sa Panay at nag-iwan kung gayon sa ating panahon ng mahahalagang gunitang patuloy na isinasalaysay upang mahagilap ang kapaki-pakinabang na kahulugan at kabuluhan nito sa mga mamamayang Pilipino. Ang akdang ito hinggil sa *ilub*, *unong*, at *amok* bilang kamalayan sa paglilingkod-bayan sa Panay ay mabisang daan

samakatawid tungo sa pag-unawa ng bagay na nasa *loob* at katatagan ng *buut* ng mga bayani ng himagsikan.

This essay is an attempt to feature and explain the underlying structures that led to the outbreak of the Philippine revolution in Panay. To approach such important period in our history, psychological factors serve as driving forces that caused the people of Panay to act, engage, and wage war against their colonizers. The revolutionary initiative and actual fighting led primarily by Gen. Juan Arce (Sigma), Gen. Hilario Oro (Dumalag), Gen. Macario Lusco (Tapaz), and others in the province of Capiz; Gen. Candido Iban (Malinao), Gen. Francisco del Castillo (Kalibo), and others on the part of the Aklan Valley; and even those that took action in Iloilo led by Gen. Martin Delgado, Col. Quintin Salas, Gen. Adriatico Hernandez, and more; including those involved in the Antique section led by Gen. Leandro Fullon, Capt. Silvestre Salvio, Lt. Col. Ruperto Abellon, and other heroes of the revolution; undeniably falls under the realm of psychology that provides them strength, courage, and endurance to confront the Spaniards from 1896 to 1898.

The collective psychological functions of ilub (humility and tolerance for any forms of sociological pain), unong (trustworthiness and loyalty to a significant someone), and the amok (rightful and logical expression of the inner-self to gain physiological, psychological, and social wellness) arguably have their decisive imprints on the history of the revolution in Panay and therefore provided our times significant memories to be continuously retold in order to find strategic meaning and relevance for the Filipino people. This article pertaining to the ilub, unong, and amok as social consciousness of offering services in Panay is therefore construed as an effective way of understanding the inner and potent self of the heroes of the revolution.


PAMBUNGAD

May saysay na makikita sa *salawikaing bayan* na pinalaganap ni Gat Jose Rizal na “Ang di lumingon sa pinanggalingan ay di makararating sa paroroonan.” Maaaring susugan ang diwang itinampok ng bayani sa siniping *kaalamang bayan* hinggil sa naging mataas na pagkilala niya sa kaukulan ng gawaing paglingon at ang kaugnayan nito sa inaasam na kalagayan ng mga Pilipino sa hinaharap. Magsisilbing gabay na rin sa direksyong tinatahak ng sanaysay na ito ang mga sumusunod na katanungan: (1) anu-ano ang ilan sa mahahalagang paksang nililingon sa nakaraan? at (2) bakit mahalaga ang gawaing paglingon (Navarro 2000) o pagpaksang pangkasaysayan bilang pangunahing larangang pangkaalaman at tunguhin sa Agham Panlipunan? (Villan 2013).

Kung susuriin, hindi lamang nakatuon sa makahulugan, makatuturan, at makabuluhang panahon, pook, at pangyayari ang mga gawaing pagsasalaysay, paglalahad, at pag-uulat ukol sa sariling

karanasan ng mga Pilipino (Navarro 2000), mga kaugnay na karanasan sa rehiyon sa Asya, at iba pang karanasan ng sangkatauhan sa iba't ibang lupalop ng daigdig na marapat na pagtuunan ng paglingon sa Agham Panlipunan, kundi makatwirang pag-ukulan din ng matamang pansin at pagdadalumat maging yaong kolektibong kamalayan ukol sa *buut* (*loob*) ng mga Bisaya sa panahon ng himagsikan sapagkat dito mauugat ang mga isinagawang pagkilos ng mga Pilipino sa pook ng Panay (tingnan ang Mapa) lalo na patungkol sa makasaysayang pangyayari mula 1896 hanggang 1898 (Villan 2013).

Mapa
Mapa ng Panay



Sutherland (1944)

Ano ba ang mayroon sa kolektibong kamalayan ng *ilub* (pagpapakumbaba at pagpaparaya sa lahat ng uri ng dalamhating sosyolohikal), *unong* (pagiging maaasahan at matapat sa sinumang itinatanging nilalang), at *amok* (pagiging makatarungan at makatwirang pagpapahayag ng niloob para sa inaasam na ginhawang pangkatawan, pangkaisipan, at pangkalooban) ng mga Bisaya bilang manipestasyon ng *buut* sa Sikolohiyang Pilipino? Ano ang kaukulang gamit ng mga ito sa pag-unawa sa katatagan ng *kalooban* ng mga maghihimagsik sa isla ng Panay sa nabanggit na panahon? Sa pamamagitan ng sanaysay na ito, uunawain natin ang mga naging dahilan at sanhi ng mga pangyayari sa isa sa mga makasaysayan at pangunahing pook na nakisangkot sa malawakang himagsikan sa Pilipinas.

Sa kabuuan, maghahain ang sanaysay na ito ng alternatibong pagtinging pangkasaysayan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga sumusunod na layunin: (a) magpakita ng dimensyong sikolohikal na mahalaga sa pag-unawang pangkasaysayan; (b) magtampok ng mga pangunahing kategoryang sikolohikal na humubog sa pagkatao at *katatagan ng loob* ng mga bayani sa pulo ng Panay; (c) magpasundayag ng mga nasiil na konseptong sikolohikal, antropolohikal, at sosyolohikal na mahalaga sa pagbibigay-interpretasyon sa mga pangyayari; at (d) magkaroon ng matalas na pag-unawa sa mga pangkasaysayang kaganapang nakasalig sa kinagisnang kaugalian ng mga tao sa pulo ng Panay sa partikular at sa Pilipinas sa pangkalahatan.

Nahahati sa tatlong bahagi ang akdang ito na inaasahang magbibigay-linaw sa biolohiko-istruktural at sosyolohiko-historikal na mga salik na nagbigay-hugis sa mga kaganapang pangkasaysayan. Tumatayo ang unang bahagi ng sanaysay na ito bilang kontekstong konseptwal at metodolohikal kaugnay ng pagbibigay-linaw sa pagpapakahulugan sa kabuuan ng tao habang ang pangalawang bahagi naman ang pagsasakatuturan sa naging papel ng sikolohiya sa paghubog ng kasaysayang kolonyal. At ang pangatlo't huling bahagi naman ay pagsasalaysay sa isinagawang paglulunsad ng paghihimagsik na tinitingnang pagsasakabuluhan ng sikolohiya ng paglilingkod-bayan tungo sa inaadhikang pagbabagong panlipunan.

LAWAS, HUNA-HUNA, AT BATYAG: PAGPAPAKAHULUGAN SA KABUUAN NG TAO

Sa pangkalahatan, nahahati sa tatlong larangan ang kabuuan ng tao—*lawas* (katawan), *huna-huna* (kaisipan), at *batyag* (pakiramdam) (Tan at Jocano 2010; Villan 2013)—mga larangang sikolohikal ang mga ito na maituturing na tuntungan at samakatwid, mahalaga sa pagsasakonteksto ng *buut* ng mga Pilipino sa pulo ng Panay. Unang sinuong ni Leonardo Mercado (1972) ang malawak, malalim, at malamang larangang ito ng Sikolohiyang Pilipino sa Kabisayaan sa pamamagitan ng paghahambing ng *buut* sa *loob* ng mga Tagalog at *nakem* ng mga Ilokano. Masasabing ang pagkakalantad ni Mercado sa “matayog” na tradisyong pilosopikal ng mga Hindu, Tsino, Hapon, at Hebreo ang nagtulak sa kanya upang tingnan at salaminin ang di-*napapansing* diwang Pilipino. Sa pamamagitan ng mapaghambing na lapit, ang tatlong binanggit na larangang sikolohikal ay di-

maikakailang nakapangyayaring kamalayan kung kaya't inari ang mga ito sa huli bilang batayang pilosopikal ng mga Pilipino.

Sa kabilang dako, nag-ambag din kaugnay ng ganitong reaktibong pagtanaw ukol sa *buut/loob/nakem* si Dionisio Miranda (1987) nang pasimulang galugarin niya ang katumbas ng Tagalog na *loob* para sa mga Bisaya sa pamamagitan ng pagbubukas sa panrelihiyong categoryang *budhi* o *konsensya* kung saan ipinaloob niya rito ang pangkamalayang konsepto ng *bait* at *isip*. Higit niyang pinalalim ang kanyang maalab na interes ukol sa paksa na nagsilbi hindi lamang bilang pagpapalawig sa simulain ng pag-uugat sa batayang pilosopikal kundi pagsulong din higit sa lahat ng antropolohikong kaparaanan ng pagsusuri sa mga batayang paniniwala ng mga Pilipino. Ang naturang akademikong pagsisikap paglaon ay nagsilbing tuntungan ng pag-aaral ukol sa uri ng pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas na makikita halimbawa sa kanyang mas pinalawak na pag-aaral sa ukol sa *loob* (Miranda 1989). Kung uunawain sa pangkalahatan, naging ambag ang ginawang pag-aaral ni Miranda ukol sa *loob* para sa mas lumalawak noong diskursong Antropolohiyang Teolohikal.

Tangi rito, nagpatuloy rin ang paglago ng talastasan ukol sa *loob* sa pamamagitan ng akda ni Albert Alejo (1990) na pinamagatang *Tao po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao* na nagsumikap namang tingnan ang *loob* ng Pilipino sa bisa ng kanyang metaporang pamagat na maituturing na ring lapit na teoretikal hinggil sa patuloy na paghahabi ng saligang pilosopikal ng mga Pilipino. Nangangahulugang hindi basta pagtatala lamang ng paggamit ng pinasentral na ideya sa Sikolohiyang Pilipino na *loob* ang ginawa ni Alejo kundi isang seryosong pagtatangka upang dalumatin ang malawak, malalim, at malamang *loob* ng mga Pilipino na isinagawa niya sa pamamagitan ng pagsingkaw sa mas malawak na larangan ng *kaalamang bayan* sa Pilipinas—sa wika, panitikan, kamalayan, at pilosopiya.


Kabilang sa larangan ng Pilosopiya at Teolohiya, pumaindayog ang mga naturang nasa hanay ng akademya sa pagsisikhay na makahanap ng saligang pilosopikal ng mga Pilipino. Mula naman sa ibang larangan, maibibilang batay sa ganitong kalakaran ng pagdadalumat, bagama't nakatuon sa paglikha ng mga taksonomiya at tipolohiyang panlipunan at pangkalinangan, ang mga ginawang pag-aaral ni Prospero Covar (1995, 1998) hinggil sa pagkataong Pilipino na tahasang lumalayo sa parametrong teolohiko-pilosopikal. Sa pamamagitan ng kanyang binalangkas na “tambalang lapit” (*labas-loob*), higit na nabigyang-linaw ang *locus* at direksyon ng pag-aaral ukol sa inusisang mahiwagang *loob* ng mga Pilipino. Ayon sa paliwanag ni Covar, nagsisilbi ang *labas* bilang kagampan ng tao sa ilalim ng prosesong biolohikal at ang *loob* naman sa larangang kultural kaugnay ng pag-unlad ng tao.

Samantala, maipapaloob naman bilang mahahalagang sangkap sa kabuuan ng pag-unawa sa bahaging *labas-loob* ng tao ang itinampok ni Zeus Salazar (1977) sa kanyang panimula at mahalagang pag-aaral ukol sa *kaluluwa* at *ginhawa*. Matingkad na makikita sa akda ni Salazar ang paglayo sa lente ng reaktibong pagtugon laban sa dominanteng makaKanluran na pananaw at lambong ng teolohiko-pilosopikal na pananaw ukol sa pag-aaral sa *loob* ng mga Pilipino. Kabilang

din sa pagpapalawak ng dalumat na Pilipino ang mapagpalawig ng kaalaman ukol sa *loob* na makikita halimbawa sa ginawang pag-aaral ni Virgilio Enriquez (1976) ukol sa *pakiramdam*, *hiya*, at *utang na loob*—mahahalagang konsepto sa pag-aaral ng sikolohiyang panlipunan ng mga Pilipino kung saan batayang konsepto ang *kapwa* at *pakikipagkapwa* (Enriquez 1978, 1989). Inilalarawan sa Figura 1 ang siklikal na sikolohiya ng pakikipag-ugnayang panlipunan at pakikipagkapwa ng mga Bisaya.


Kung susuriin, ang binanggit na Tagalog na *loob* at Ilokanong *nakem* na kaugnay ng pinapanday at pinasusundayag na *buut* ng mga Bisaya ay binigyan ng panimulang panlinggwistikong kahulugan ni John Kaufmann (1934) bilang “*will, intention, mind, reason, understanding, intelligence; to will, want, desire, wish, intend, direct, do as one pleases, set one’s heart upon.*” Sa ginawa kong pagsusuri, sinimulan kong tuklasin ang mahiwaga at nakapangyayaring *buut* ng mga Bisaya sa pamamagitan ng pagsasalarawan muna sa pagkataong Bisaya (Villan 1998). Sa aking pagkakabatid bilang tagapagdala ng kalinangan (*culture bearer*) ng nasabing maimpluwensyal na *diwa* o *kamalayang bayan*, mayroong tatlong larangan ang pagkatao ng mga mamamayan sa Panay na mapagsisingkawan ng pag-aaral ukol sa *buut*. Kabilang dito ang mga sumusunod: *lawas*, *huna-huna*, at *batyag*. Kumakatawan ang una bilang biolohiko-pisyolohikal (*buluhaton nga panglawasnon*)

Figura 1
Pagsasalarawan sa Siklikal na Sikolohiya
ng Pakikipag-ugnayang Panlipunan at Pakikipagkapwa ng mga Bisaya



Villan (2013)

Figura 2
Pagsasalarawan sa Larangan ng Pagkatao ng mga Bisaya




Rebisyon ng Villan (2009)

na bahagi ng tao at maituturing kung gayong batay sa tambalang lapit ni Covar na bahaging *luwas/gawas (labas)* sa kabuuan ng tao na kasusumpungan halimbawa ng iba't ibang uri at sistemang buto, kalamnan, at balat kasama na maging yaong mahahalagang sangkap sa *loob* gaya ng utak, puso, atay, at iba pa. Samantala, kumakatawan naman ang pangalawa sa larangang mental (*buluhaton nga pangminsaron*) kung saan mahalagang makita ang gampanin ng utak bilang pinagnunukan ng mahahalagang likas na gawain ukol sa pagtalos sa mga bagay-bagay, kabatirang pangkapaligiran, hinuhang pangkaalaman, at panlipunang pagpapasya. Gayunman, hindi magiging kumpleto ang pagkatao sa ilalim ng categoryang *buut* kung hindi mailalakip din dito ang ginampanang papel ng *batyag* na kumakatawan sa larangang emosyunal na tao (*gawaing pangkabubut-on*). Sa bahaging ito ng tao makikita ang mahalagang gampanin ng *kasing-kasing* o *tagipusuon* (puso) na pinagnunukan ng panlipunang sikolohiya tulad ng *pakiramdam*, *hiya*, at *utang na loob* (Enriquez 1976). Inilalarawan naman sa Figura 2 ang pagkatao ng mga Bisaya.

Samantala, malinaw namang makikita sa Figura 3 ang tampok na pagsasalarawan sa *buut* ng tao na kinabibilangan ng *huna-huna* (larangang mental), *batyag* (larangang emosyunal), at *lawas* (larangang biolohiko-pisyolohikal). Nakapaloob sa una ang *animo* (malay) at *panimuot* (diwa) na maituturing na luklukan ng malawak na *gawaing pangminsaron* (pangkaisipan). Sa ikalawa naman matutunghayan ang *balatyagon* (damdamin) at *kabubut-on* (*kalooban/saloobin*) bilang larangang may kinalaman sa *gawaing pangkabubut-on* (pangkalooban). At sa ikatlo naman ang *kalag* (*kaluluwa*) at *dungan* (kasabay/*lakas ng loob/potensya*) sa bahaging katawan bilang larangan ng *gawaing panglawasnon* (biolohiko-pisyolohikal). Ginagampanan ng *painu-ino/huna-huna-batyag* ang gawaing may kinalaman sa idinidikta ng *kasing-kasing* at *utak* upang pag-ugnayin ang bunga ng naisaprosesong *huna-huna* at *batyag* at ang *painu-ino/huna-huna-lawas* naman ang katungkulan ng

Figura 3
Pagsasalarawan sa Tatluhang Larangan ng Buut ng Panay



Rebisyon ng Villan (2009)

utak at lawas. Samantala, kasing-kasing at gawaing lawas naman sa kabilang dako ang nais na pag-ugnayin ng batyag-lawas (Villan 2009).

Dahil dito, mahihinuhang sa anumang aksyong panlipunan, hindi sumasapat ang gawaing pagbulalas ng kinuyom na galit upang maipahayag ang nakakubling *kabubut-on* sa pamamagitan ng *pag-aamok* kundi kinapapalooban ito ng mapanimbang at mapagmatyag na kaisipan, matikas at malakas na pangangatawan, at *maisug nga dungan (malakas na kalooban)*. Ang ganitong kaisipan kaugnay sa gawain ng *pag-aamok* bilang isa sa mga halimbawa ng aksyong panlipunan at nakaugat sa kalinangang tradisyon sa halimbawa nito sa pulo ng Panay (Soncuya 1917; Villan 2009) ay pinaniniwalaan at pinagtitiyay nina Jonathan Turner at Jan Stets (2005) bilang nakaugat diumano sa lipunang emosyon at ipinagpapalagay naman ni Randal Collins (1990) sa kabilang dako bilang enerhiyang emosyunal (*bagsik ng loob*). Ang enerhiyang emosyunal na tinutukoy rito ay kinikilala ng mga pantas sa disiplina ng Sosyolohiya bilang pinakasaligan ng maigting na lakas at samakatwid, nagagamit ng lipunan para sa anumang pangkabuuang simulain o hinahangad na pagbabago (Turner at Stets 2005).

Sa naisagawa nang mga pag-aaral hinggil sa sikolohiya ng *amok* na pinasimulan halimbawa ni Jose Soncuya (1917) sa Panay at bilang isa sa mga inapong pangkating etniko ng mga Austronesyano at kauri sa kultura ng mga Indo-Malayo Polynesiano, makikita ang gayong pagkakatulad at

pagkakakilanlan sa kanilang taglay na kahusayan sa paglalayag, pagsasakang nakasalig sa resikultura, at tradisyon ng pagbabatuk (pagtatatu) (Bellwood *et al.* 1995). Maaaring masilip at mabigyang-linaw mula rito ang kalinangan at kamalayan ukol sa *amok*. Sa ilalim ng parametrong pangkalusugan, sapul pa nang tumapak sa kapuluang Timog Silangang Asya at *Oceania* ang mga Kanluranin, tinitingnan na ang kamalayan ukol sa *pag-aamok* ng mga nasa kapuluan at pati na rin maging yaong katulad na kapahayagang emosyunal bilang sakit o kondisyong sikyatriko na isinasagawa madalas diumano sa pamamagitan ng walang habas at walang patumanggang pagpaslang at pagwasak ng mga ari-arian (Saint Martin 1999).

Kinikilala ang praktika ng *amok* ng mga pantas sa sikyatriko mula sa Kanluran at yaong kabilang sa propesyon ng medisina bilang isang uri ng sakit na mental ng mga taal na naninirahan sa nabanggit na rehiyon ng daigdig (Kudva 2011). Gayunman, ipinagpapalagay sa kabilang dako ni John Cooper (Kudva 2011) alinsunod sa ginawang pag-uusisa sa isyung pangkalusugang ito ng *amok* bilang isang uri o akto ng di-tuwirang pagpapatiwakal o marangal na pagpapakamatay—na bunsod anila ang gayong itinuturing na *culture-bound syndrome* ng nakapangyayaring salik ng katangiang pangkalinangan-panlipunan o buhay ng mga taong nakalantad at/o nagtataguyod ng gayong diwa o tradisyong sikolohikal (Saint Martin 1999; Kudva 2011).

Sa lipunang Panayanhon, ganap nang isinasagawa ang lubusang paghahanda sa sarili mula pa sa pagkabata ng isang tao at nagpapatuloy ito hanggang sa kanyang paglisan patungo sa kabilang buhay. Ang mga babaylan bilang lingkod-bayan (Salazar 1999) at ipinagpapalagay na mga unang sikolohista (Enriquez 1976) at guro ng kaalamang panlipunan sa Kabisayaan (Villan 2009) ay gumaganap ng katungkulan sa panghimanwa na kanilang isinasagawa sa pamamagitan ng pangangalaga sa *lawas, huna-huna, at batyag* (Villan 2013). Sa bahaging *lawas*, hindi lamang sila nagsisilbing hilot at manggagamot sa iba't ibang karamdamang nararanasan ng katawan kundi gumaganap din ng ritwal ng *pagbabatak-dungan* upang gawing malusog at matatag ang katawan ng sinumang kasapi ng pinaglilingkurang lipunan (Magos 1992). Ganito ring gampanin ang kanilang iginagawad sa sinumang nangangailangan ng kanilang panlipunang paglilingkod upang gawing marurunong at pantas ang lahat ng mga mamamayan sa kanilang sariling kinagisnang tradisyon at kalinangan. Hindi lamang sila nagsisilbi bilang mga makabayang guro na nakaugat sa kalinangan at kamalayang sikolohista kundi naging mabisa rin silang tagapaggunita ng mga estratehikong karanasan at pangkasaysayang alaala o memorya ng mga kaganapang nagagamit ng lipunan para sa patuloy na pagkakaugnay-ugnay at pagpapanatili ng kaayusang kosmiko-sosyolohikal na lipunan (Aguilar 1995). Isinasagawa nila ang gayong katungkulan para maisakatuparan yaong tinatawag na *kabubut-on sang banwa (kaloobang bayan)* ukol sa pagpapanatili at pagpapalawig ng *kabuhi* (buhay) at para makapagtamasa ng inaasam na *kinaayo* (ginhawa/*pag-uswag*) at nilulunggating *dungog* (dangal) (Villan 2009, 2013).

Sa kabilang dako, binigyang-diin sa pag-aaral ni Alicia Magos (1992) ang gampanin ng *dungan* bilang tagapagpanatili ng kalusugan ng tao kapwa sa pisikal at pangkaloobang bahagi. Bilang susing konsepto sa pag-unawa ng *buut*, ang ritwal ng *pagbabatak-dungan* sa pagkasilang ng bata ay pinangangasiwaan ng babaylan at isa nang naestablisang tradisyon at kalinangan sa Panay (Magos

1992; Aguilar 1995; Villan 2013). Hindi rito natatapos ang paghahanda sa binanggit sa itaas na *mabut-anong hangaway* (mandirigmang makatarungan at nakasalig sa sikolohiya ng *loob*) kundi makikita rin ang gawaing ito sa pagpapatatag ng kanilang taglay na *huna-huna*, *mapagsik/mapagros nga panglawason* (matikas na pangangatawan), at *mapag-on nga kabubut-on/maisug* (*matibay na kalooban*). Sa sinaunang Panay, na dati-rati'y tinatawag na *Madia-as* (cf. *Madaya-as/Maraya-as*), naging sentro ang “*Sining ng Kali*,” isang pamamaraan o teknik sa pakikidigma gamit ang katutubong sandatang *kris/keris/kalis* (Wiley 1996; Villan 2009):

...mula pagkabata, ang mga mamamayan ng... Panay ay sinasabing natuturuan na ng *sining* sa paggamit ng iba't ibang uri ng sandata; ilan sa mga ito ang sumpit, busog at pana, sibat, balaraw, kris, barong, at kampilan. Ang mga hangaway ay sinasanay rin sa paggamit ng kalasag, paggawa at paggamit ng iba't ibang sandatang pandigma (pakil)... (Wiley 1996) (akin ang malayang salin).

Mataas ang pagpapahalaga sa tradisyong ito ng paglikha ng *mabut-anong hangaway* ng mga mamamayan nito. Sa katunayan, bahagi lamang ang nakita ni Wiley ng mas malawak na kalinangang ito na pinapanday sa tinatawag ni Soncuya (1917) na mga *buthoan* (*casa escuela*). Maikling bersyon ang *buthoan* ng katagang *buluthoan* (hango sa *butho* na nagmula naman sa salitang *bulutho* na ipinagpapalagay ring nagmula sa protopormang anyo nitong *buut* (cf. pagsasanib ng dalawang letrang “u”). Madalas na makikita sa halos lahat ng wikain sa Pilipinas ang *interbokalikong* “ul” na taglay ng salitang *buluthuan*. Ilan sa halimbawa nito ang katagang *bulut-anan* (cf. *but-anan*), *bulunyagan* (cf. *bunyagan*), *bulutlakan* (cf. *butlakan*), at marami pang kaugnay na tipolohiyang pangwika sa kapuluan. Nangangahulugang tila maging itong konsepto mismo ng *buthuan* (cf. *buut: merging of “u,”* pinaghanguan ng *buthoan*) sa ngayon na tumutukoy sa paaralan (*casa escuela*), ay nakaugat sa ideya ng *buut* bilang matingkad na larangan ng pagkataong Pilipino na nililinang at hinuhubog ng mga babaylan sa sinaunang panahon ng Pilipinas sa Kabisayaan.

Tangi rito, ipinapaliwanag pang may pormal na edukasyong pinamamahalaan ng mga babaylan, binanggit sa unahan bilang mga sinaunang sikolohista (Enriquez 1976), tagapayo at guru ng larangang pangkalinangan/pangkaalamang nagbibigay-diin sa tinatawag ng nabanggit na Aklanong iskolar na *isganan* (*valientes*), *kusganan* (*atletas*), *maalam* (*instruidos, sabios*), *bulahan* (*dichosos*), at *lubus* (*aritmética at amuleto*) ng mga kabataan ng Panay. At dahilan nga sa matingkad na pagbibigay-pansin at pagpapahalaga sa katawang pinaglalagakan ng *kabubut-on*, masasabing ang pagkatao ng mga Panayanhon ay ganap at tiyak na may kahandaan sa pakikipaglaban (Villan 2009, 2013).

Sa marami nang ginawang pag-aaral at pagsusuri ukol *lawas*, malimit na binibigyang-kahulugan ang bahaging pisikal na ito ng tao sa kanyang kabuuan bilang tagatanggap ng kahulugang panlipunan (Shilling 2003, 2005; Fraser at Greco 2005), manlilikha ng mga simbolikong aksyon (Geertz 1973; Turner 2005), at mabisang kasangkapan sa pagpapasundayag ng *kaloobang bayan* (e.g., *kabuhi, kinaayo*, at *dungog*) (Villan 2009, 2013). Sa ginawang pag-aaral ni Victor Turner (2005), napuna

niya ang matinkad na paggamit at pagsasakabuluhan sa *lawas* sa konteksto ng pag-aaral na pangkalinangan. Sa kanyang ginawang pagpapatibay ukol sa gamit ng katawan sa lipunan, sinabi niyang:

Sa pagbibigay-diin sa libangan, ang kakayahan ng bawat isang makapagpahayag at umangkin, lumilitaw na isang larangan ang katawan na nauukol sa kalayawan at pangkalinangang pagnanasa na kumikilala rito bilang isang proyekto (Turner 2005) (akin ang malayang salin).

Isang panlipunang proyekto ang pag-aaral, pagsisiyasat, at pagpapasundayag ng *lawas* sapagkat nagtataglay ito ayon kay Erving Goffman ng kaakibat at magkakaugnay na mga panlipunang praktika upang maunawaan ang kalikasan ng sarili sa kanyang panlipunang konteksto (Turner 2005; Villan 2013). Itong panlipunang kontekstong pinalutang ng nabanggit na iskolar ang tinukoy naman sa kabilang dako ni Pierre Bourdieu na panlipunang kaligiran (*social habitus*) at sinasapantahang kinaroroonang paligid ng *lawas* ng isang nilalang. Para kay Bourdieu, nagtataglay ang *lawas* ng ganap na pangkalinangang kapangyarihan kung saan maaaring maipahayag ito sa pamamagitan ng panlipunang gawain at nakatudla ng may katiyakan kung uunawain papalabas ng katawan (Turner 2005).

Kaugnay nito, maituturing din ang *lawas* ng tao bilang isang buhay, dinamiko, at pinakamabisang kanyamaso (*canvass*) dahilan sa kakayanan at kapabilidad nitong umakit ng interes sa tagatangkilik (*audience* o *viewer*) kung gagamitin ito sa sining-biswal para sa isang partikular na ideolohiyang itinatanguyod at ipinapalaganap sa loob ng lipunan (Villan 2009). Nakagisan na kasi ng tao at ng lipunan sa kabuuan na sapul pa sa simula na ang balat ng tao o ang buong katawan nito sa pangkalahatan ang unang naging daluyang pangkomunikasyon (Maggay 1999, 2002; Villan 2009). Dahil tila huli na sa buhay ng isang tao ang matuto ng pananagisag (*sign*) at pasalitang komunikasyon (*verbal communication*), naipapadaloy sa pamamagitan ng sensitibong balat ng katawan, maging yaong kislod, kumpas, at galaw ng katawan (Maggay 2002), ang mensaheng unang ipinadarama at ipinadadaloy ng magulang sa kanyang anak sapul pa sa panahon ng kanyang kasanggulan (Villan 2009). Sa kagampan ng pagkatao ng isang nilalang, nanatiling ang *lawas* na mabisang tagapagpahiwatig ng mga di-tiyak ngunit makabuluhang pananagisag na komunikasyon na kapwa makabuluhan sa mga sekular at sagradong simulain (Francisco 1996; Turner 2005; Lanaria 2009; Villan 2013), at kung magkakagayo'y mabisang naipadadaloy sa pamamagitan nito ang nakasalig sa kalinangang mensaheng nais na ipararating sa *kapwa* (Maggay 1999, 2002).

Bunsod nito, unang nabuo ang ugnayang pantao o sosyalisasyon sa pamamagitan ng *lawas* ng mga tao (Maggay 1999, 2002; Villan 2009, 2013). At dahil sa nakatuon malimit ang ugnayang pantao sa loob ng lipunan sa *pakikipagkapwa* at naipapahayag, naipapadaloy, at naipapadama ito nang higit sa pamamagitan ng paglalapit, pagtatagpo, at pag-iisa ng mga *lawas* (paghimas, pagtapik, pagyakap, at pakikipagtalik sa ibang kaso); ang nakatagong *loob* kung gayon na maipagpapalagay bilang luklukan ng *pakiramdam*, *hiya*, at *utang na loob* (Enriquez 1976) kasama na maging yaong *kalooban/saloobin* ng tao, ay konkretong naipapadaloy at naipapadama sa *kapwa-tao*.

Dahil dito, hindi lamang naging tagatanggap at tagalikha samakatwid ng kahulugang panlipunan ang *lawas* ng tao sa proseso ng ugnayang panlipunan kundi mabisang kasangkapan din ito higit sa lahat ng mga umiiral na ideolohiya (Rosenberg 1988; Coupland at Gwyn 2005; Turner 2005; Shilling 2005; Fraser at Greco 2005), kamalayang panlipunan, at *kaloobang bayan* (e.g., buhay, ginhawa, at dangal) (Villan 2009, 2013). Klaro ang ganitong sapantaha sa malaganap na tradisyon ng pagbabatuk sa Panay sa partikular at Kabisayaan sa kabuuan (Villan 2010b). Sa mga Maori at Tahitiano sa *Oceania*, na inapo rin ng mga Austronesyano na tulad ng mga Panayanhon (Bellwood *et al.* 1995), kapwa matatagpuan sa kanilang lipunan ang kalinangan ukol sa sining ng pagbabatuk na tinatawag ng mga iskolar na *ta moko* (*facial marking* o *tattooing*) (Dictionary 3.0 2010-2011; Hudson 2013). Bilang mga lingkod-bayan sa kanilang mga kinaroroonang pulong tahanan at lipunan (Salazar 1994, 1997), katungkulan nila bilang mga *nabatukang hangaway* (natatuang bayani o tinatawag na *Pintados* sa kolonyalismong Español sa Pilipinas) o sa kaso ng mga Maori at Tahitiano, ng mga mandirigmang *ta moko* (*cf. amoucos*, ibig sabihin, tagapaglunsad ng *amok/amok/amuck*), na panatilihin ang buhay, ginhawa, at dangal ng kanilang bayan sa pamamagitan ng gawaing pangangayaw at pangungubat (pakikidigma) (Villan 2009).

Sa ginawang masinop na pag-aaral ni John Spores (1988) hinggil sa malawak na praktika ng paglulunsad ng gawaing *pag-aamok* sa mundong Malayo-Polynesiano at iba pang bahagi ng kapuluang Asya, kanyang napansin ang binanggit sa itaas na mga pangkating *mag-aamok* na tinatawag noong ika-17 hanggang ika-18 siglo bilang *amoucos*. May pagpapatuloy pa ng diwa at pagsasagawa nito hindi lamang sa binanggit na mga dako ng daigdig kundi maging hanggang sa Estados Unidos ng Amerika na nakilala roon bilang *amok/amok* (Guillermo 1999). Itong pangkating natatatuang *ta moko* ng Polynesia, *amoucos* ng Malaysia, at *batukan* ng Pilipinas kung tutuusin, bukod sa pagiging magkatulad nila sa kalinangan ng pagtatatu, magkakawangki rin sa katungkulan bilang mga lingkod-bayan kung saan nakalaan na ang kanilang buhay para sa pagtatanggol ng kaayusan ng kanilang bayan at kinapapaloobang lipunan (Salazar 1994, 1997).

Naglalaman ng panlipunang konteksto at ideolohiyang ipinaiiral ang pagtatakda sa *lawas* bilang buhay, dinamiko, at mabisang anyong sining (Lanaria 2009; Villan 2013). Ang pagbabatuk ng obhetong araw, buwan, at bituin bilang mahahalagang elementong pangkalikasang iniuukit sa iba't ibang parte ng balat ng katawan ay mahalaga hindi lamang sa kanyang pagtatanim, paglalayag, pangangayaw, pag-aasawa, pagtatayo ng bahay, pagsasanay sa kalis, pagsasalaysay, pagpupulong, pakikipagkasundo, at iba pang makabuluhang gawain para sa bayan, kundi makabuluhan din sapagkat isang akto ito ng pakikipagniig ng tao sa pinaniniwalaan niyang pinagbubuhatan ng gahum at enerhiyang nagsusustina ng buhay at kaayusan sa buong sansinukob.

Samantala, ang *huna-huna* bilang isa sa tatlong bumubuo sa kabuuan ng tao ang kumakatawan sa larangang mental ng isang nilalang. Nakapaloob sa larangang ito ng pagkatao ng tao hindi lamang ang kakayanang tumanggap, magproseso, at magbigay-kahulugan sa istimulus na nagbubuhay sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagpapadaloy nito sa *lawas* kundi ang bisa rin nito sa pag-alaala, paggunita, at pagkakaroon ng kamalayan sa bagay-bagay sa kapaligirang ginagalawan ng tao. Kinaluluklukan ang *huna-huna* ng tao sa pangkalahatan ng malay, ulirat, at diwa bilang

mahahalagang sangkap sa pag-impok ng kaalaman at karunungan para sa tunguhing pagpapaunlad ng lipunang kanyang kinabibilangan (Enriquez 1976).


Sa kabilang dako, tulad ng binanggit sa unahan, bahagi rin ang *batyag* ng kabuuan ng pagkatao ng tao at itinuturing na larangang emosyunal ng isang nilalang. Mahalagang unawain na ang *batyag* ang tahanan o kinalululukan ng sikolohikal na konsepto ng *huya* (hiya) at itinuturing ng pag-aaral na ito bilang sukatan ng pagiging tao at kagampan ng pagkatao ng tao (Enriquez 1989). Dahil sa konsepto ng *huya*, ganap na naipaghihiwalay ng tao ang kanyang sarili mula sa makahayop na pagnanasa at mekanikal na gampanin sa loob ng lipunan dahil sa kalayaan at kakayanan nitong kumilos at gumanap sa kanyang panlipunang katungkulang paglilingkod-bayan (Lee 2001). Katungkulan halimbawa ng tao na mahigpit na mag-oberba sa kinagawiang pagtanaw ng *utang nga kabalaslan* (*utang na loob*) bilang hugpungang emosyunal ng *magkakapwa-tao* sa loob ng ginagalawang lipunan (Villan 2009).

Dahil sa kinapapalooban ang *buut* kung gayon sa kabuuan ng tatlong larangan—*lawas* (katawan), *huna-huna* (kaisipan), at *batyag* (pakiramdam)—mga saligan ito sa pagpapahayag ng panlipunang simulain ng *pakikipagkapwa* at batayan samakatwid tungo sa pagsasakatuparan ng umiiral na *kamalayang bayan* ukol sa paglilingkod panlipunan na ipinapahayag sa pamamagitan ng katungkulang *pagpapa-ilub* (pagpapakumbaba/pagpaparaya), *pag-unong* (pagiging maaasahan at matapat dahil sa hindi pag-iwan at palagiang paglilingkod ng may katapatan hanggang sa kamatayan), at *pag-aamok* (pagiging makatarungan sa kahandaang maghandog ng buhay sa itinuturing na *hindi ibang tao*). Nakaugat samakatwid ang sikolohiyang panlipunang ito ng paglilingkod-bayan pangunahin na ang binanggit sa kasaysayang ipinakitang halimbawa na mga pagkilos ng mga *ta moko* ng *Oceania*, *amoucos* ng Malaysia, at *batukan* ng Pilipinas (*Pintados* ng Panay). Malinaw kung gayon na hindi ito basta na lamang maaaring tingnan na kapansanang pangkalusugan sa larangang pangkaisipan ng mga taong naninirahan sa binanggit na rehiyon ng Asya kundi isa itong katangian ng mga bayani na tinawag ni Salazar (1994, 1997) na kawani o lingkod-bayan kung saan ang kanilang kaukulan ay ang pagpapanatili ng kaayusan ng santinakpan at lipunang kanilang kinabibilangan. Bilang mga lingkod-bayan, nakalaan ang kanilang mga sarili bilang haing buhay, sakripisyo, at walang anumang kapalit, kahima't sila man ay malagutan ng buhay o hininga alang-alang sa pagtupad ng kanilang *katungod* sa bayan at kinapapaloobang lipunan (Salazar 1998).

**BUUT, PAKIG-ABIAN, AT PAKIG-ANGHOD:
PAGSASAKATUTURAN NG SIKOLOHIYA SA PAG-UNAWA NG KASAYSAYAN**

Sa tinalakay na mga punto sa itaas, naging malinaw na luklukan ang *buut* ng panlipunang halagahin ng paglilingkod-bayan na konkretong nakita halimbawa sa kasaysayan ng paglilitawan ng mga mandirigmang *ta moko*, *amoucos*, at *batukan* (tingnan ang Larawan 1). Bilang lingkod-bayan para sa estratehikong pagsasakatuparan ng panlipunang ideolohiya kaugnay sa pagtataguyod ng *kaloobang bayan*, ang kanilang mga simbolikong pagkilos, na makikita hindi lamang sa kanilang mga

Larawan 1
Dalawang Bisayang Batukan (Pintados)



Boxer Codex (1590)

inilulunsad na pangangayaw at pangungubat, ay tumutugon din pangunahin para sa pangangailangang itaguyod ang buhay, magkaroon ng kaginhawaan, at makamit ang karangalan. Ang pagkakaroon ng mga *batuk* ng mga tinaguriang lingkod-bayang *ta moko*, *amoucos*, at *batukan*, bilang inapo ng mga Austronesyano sa kalinangan at kamalayan, ay kahayagan ng matingkad na pagpapahalaga sa kanilang katungkulan sa loob ng sariling bayan at kinabibilangang lipunan.

Dahil sa nakatuon pamalagian para sa kapakanan ng kinapapaloobang bayan at kinabibilangang lipunan ang gampanin ng mga pinunong bayan, hindi lamang ginagamit na estratehikong mekanismong panlipunan ang *buut* sa pagpapahayag ng katungkulang panlipunan, kundi sa pakikipag-ugnayan din sa *ibang tao* para sa partikular na motibo o simulaing sosyolohiko-pulitikal. Kaugnay nito, mahalaga ang pagtanaw sa panlipunang sikolohiya ng *buut* upang maunawaan ang kasaysayang kolonyal ng mga Pilipino sa Kabisayaan. Kung uunawain ang sosyolohikal na kapahayagan ng niloloob ng tao, masasabing nakasalig ito sa *buut* na makikita halimbawa sa nakagawiang *pakigbagay* (pakikibagay), *pakigbuylog* (pakikiisa), *pakigtapu* (pakikilahok), at *pakig-ayo* (pakikitungo) sa *ibang tao*. Gayundin, mahalaga ang *buut* maging sa naobserbahang panlipunang tradisyon ng *pakig-upod* (pakikisama), *pakig-angot* (pakikiugnay), *pakig-ugyon* (pakikisangkot), at *pag-abi-abi* (pakipagpalagayang-loob) na pawang makabuluhan hindi lamang sa pag-unawa ng panlipunang sikolohiya kundi maging sa pagsasakasaysayan sa karanasan ng mga mamamayang Pilipino sa isla ng Panay (Villan 2012, 2013). Sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa *buut*, magiging malinaw ang pagkakapook ng mga kaganapang pangkasaysayan sa Kabisayaan at ang mga naging sanhi ng ginawang pagkilos ng mga mamamayan nito laban sa mga mananakop. Mangyari pa, kung tutuusin, ang kolektibong kamalayan ukol sa sikolohiya ng *kapwa* at *pakikipagkapwa* (Enriquez 1978) na nakaugat sa *buut*, ang naging saligan sa pagkakaroon ng antropolohikong ritwal na *pakikipag-anghod* (*sanduguan*) kung saan pagdaka’y naging tuntungan sa pagkakaroon ng alyansang pulitikal sa pagitan ng mga Bisaya at Español (Villan 2009, 2013).

Bunsod nito, ang pangyayaring nabanggit ang naging dahilan sa pagiging magkakapatid ng magkabilang-panig at naging sandigan paglaon sa pagkakabuo ng estadong kolonyal ng mga Español sa Pilipinas mula 1565 hanggang 1898. Nagpatuloy ang gayong diwa ng pagbibigay-halaga sa ritwal ng *sanduguan* at panlipunang tunguhin ng kapatiran sa pagkakalikha ng Republika ng Katagalugan ng mga Anak ng Bayan noong Agosto 24, 1896 sa ilalim ng pamamahala ni Gat Andres Bonifacio (Guerrero *et al.* 1996; Encarnacion 1997; Villan 2013).

Kung sisiyasatin, hatid ang gayong nabanggit na alyansang pulitikal ng mga kaganapang pangkalikasan at historikal sa Kabisayaan noong ika-16 na siglo (Villan 2009). Dahil sa di-inaasahang pagdaluhong ng mga pangkating mangangayaw na Moro sa di-matukoy na taon bago ang pananakop ng mga Español, nakapaslang ang mga nasabing mangangayaw ng may 500 katao at nakabihag pa ng umaabot sa tinatayang bilang na 800 katao. Bilang tugon, sinikap nina Rajah Pagbuaya at Manooc ng Dapitan na makipagkasundo kina Miguel Lopez de Legazpi, Martin de Goiti, at Juan de Salcedo upang gamitin ang ugnayang mabubuo para sa hinahangad na paghihiganti laban sa kanilang kaaway (Villan 2010a). Napagtibay ang nabanggit na kapatiran at alyansang pulitikal noong Marso 19, 1565 (Tirol 1975). Sa pamamagitan nina Legazpi at Rajah Sikatuna, naganap ang gayong pormal na pagkakabuklod kung saan nag-aasahan silang magtutulongan, magdadamayan, at makakalinga sa isa’t-isa.

Sa magkatulad ding pangyayari napaghugpong ang pangkatin ng mga Bisaya at Español sa pulo ng Panay. Dahil sa nakaranas ang nasabing isla ng pambubulabog mula sa hanay ng mga *grandes piraticas* ng Ma-it (Mindoro, Maynila, at kanugnog na mga pook) (Soncuya 1917), sa pangunguna

nina Rajah Madidong at Maricabug ng hilagang Panay, kanilang isinagawa ang pakikipagsandugo kina Goiti at Salcedo upang maisakatuparan ang kanilang nilalayong pulitikal na walang iba kundi ang paghihiganti sa mga Moro ng naturang pook. Tulad nang inaasahan, nasaksihan ang pakikipagkapatid ng mga Panayanhon sa mga ito kung saan ipinaloob sila ng mga taga-Panay sa kanilang sistemang pampangasiwaan na pormal na nagsimula noong buwan ng Enero 1570 (Villan 2009).

Sa pagkakasundo ng mga *loob* ng magkabilang-panig, naging inisyatiba sa panig ng mga Panayanhon ang gayong estratehikong kapasyahang kahalintulad sa simbolikong aksyong ginawa ng mga Bol-anon dahilan sa madalas ding nakakaranas ng pambubulabog mula sa mga *grandes piraticas* ng rehiyon ng Ma-it ang mga mamamayan sa hilagang Panay (Soncuya 1917; Villan 2009, 2013). Mula sa panahon ni Soncuya (1917), ang ideya ng kahalagahan ng Ma-it bilang pook pangayawan ng mga taga-Panay ay mababanaagan mismo sa banggit niyang “Inamulitan sa Ma-it!”¹, hanggang sa panahon ng aking kabataan noong dekada 1970 at 1980 halimbawa ay madalas ko pa ring naririnig ang mga gayong katagang-saway mula sa aking lolang si Catalina Malte-Caluba na “...diin timo nangayaw nga Ma-it apo...”² bilang tanda ng kanyang labis na pag-alaala bunsod ng hindi ko pag-uwi sa takdang oras sa aming tahanan. Itinaon ang pangangayaw, bilang ganti ng mga Moro sa nasabing pamayanang maritimo ng Dagat Sibuyan (hilagang Panay) sa panahong nakaranas sila ng matinding gutom na hatid ng pag-atake ng balang sa kanilang palayan. Bunsod na rin ng pangangailangan ng mga Español ng maituturing nilang kapanalig sa kanilang simulain para sa *conquistas*, nagsalubong ang gayong mga interes sa isa’t isa upang buksan ang kanilang mga sarili para sa kanilang *isigkatawo* (*kapwa-tao*) sa bisa ng ritwal ng *pakikipag-anghod* (Villan 2009, 2013).

Samantala, ang panlipunang sikolohiya ng *pakikipag-abian* (katumbas ng *pakikipagkaibigan* sa Tagalog, *bay* sa Sugbuhanon, at *abe* sa Kapampangan) ng mga Panayanhon na tumutukoy sa paghahanap ng katuwang, kaagapay, kabisig, kapanalig, katulong, kasama, at iba pa ay hinihinuha ng pag-aaral na ito bilang mekanismong panlipunan para sa simulaing paghuhugpong para sa pagsasakatuparan ng partikular na simulain (Villan 2012). Mauugat sa sinaunang panahon ang tradisyon ng *pakikipag-abian* sa Panay sapagkat sapul pa sa simula, mababanaagan na ang gayong diwa halimbawa sa pagkakaroon ng mitolohiya ng pagkakalikha ng sabay nina Sicalac at Sicavay (Eugenio 1994; Villan 2009). Si Sicavay ang maituturing na naging unang *alabay* (*bay*, *abe* o *abian*) ni Sicalac sapagkat magkatuwang nilang binuo ang unang pamilya at magkapit-bisig nilang itinaguyod ang kanilang tatlong anak na sina Sibon, Samar, at Pandaguan na naging simula paglaon sa paglawak ng lipunan sa paglipas ng panahon.

Nagdala ang *pakikipag-anghod* sa Panay noong unang Linggo ng buwan ng Enero 1570 (Noone 1982; Alcazar 1893; Regalado at Franco 1973; Villan 2009) sa kapatirang naging daan sa pagkahugpong na pangmilitar na nag-iwan sa atin paglaon ng mayamang tala hinggil sa pagbagsak ng pulo ng Ilin, Mamburao, at Lubang sa kanlurang Mindoro at iba pa, pati na rin ang makasaysayang paglulunsad ng ekspedisyong tungong Maynila pagsapit ng Mayo 8, 1570 (Alcazar 1893; Montalban 1930; Arteché 1947; Fernandez 1950; Villan 2009). Nagbukas ang magkasanib na pangangayaw-entradang iyon

paglaon sa pagkakatatag ng pamahalaang kolonyal sa Luzon pagsapit ng Mayo 24, 1570 (Arteche 1947).

Nang opisyal na maitatag nina Legazpi ang nabanggit na pook sa Luzon bilang sentro ng kapangyarihang kolonyal noong Hunyo 24, 1571, inalalayan din sila ng mga taga-Panay, hindi lamang sa panggagalugad ng kahilagaang Luzon para sa teritoryal na pagpapalawak kundi dinamayan na rin sila ng mga taga-Panay sa kanilang pakikipagbuno at pagtugis kay Limahong at sa kanyang hukbo hanggang sa kahilagaang Luzon (Sande 1576; Mendoza 1586; Alcazar 1893; Caro y Mora 1898; Callanta 1989; Cruz 1962; Villan 2009). Sa magkapareho ring dahilan, bunsod ng matinding pagnanasang mapahina ang kontrol na pang-ekonomiko ng mga Tsino sa kapuluan at inaadhikang marating ang maunlad na pook ng Tsino, isinagawa ang konsolidasyong kolonyal sa *Region de la Pampanga* tulad ng burukratikong pag-oorganisa at eksploytasyong ekonomiko sa nasabing pook (Fernandez 1950; Crisostomo 2010; Alfonso 2010; Villan 2010c) na nagdala ng magandang pagkakataon para kayawin ng mga Moro ang mga pook ng Capiz, Iloilo, Cebu, Negros, at Bohol sa mga taong 1599-1602 (Morga 1609a, 1609b; Maza 1987; Villan 2009). Dahil dito, nagpakita muli ang kanilang mga kaalyadong Panayanhon ng di-matatawarang pagkalinga sa mga Español upang ayudahan sila sa nasabing pagtatanggol at pagmumuog ng Kabisayaan.

Konkretong ipinakita ng mga taga-Panay ang kanilang pagkandili sa mga Español sa pamamagitan ng pagsama kay Srhito. Maj. Juan Juarez Gallinato upang kubkubin ang Jolo at itatag ang *Presidios de Pintados* sa Oton noong 1602 (Villan 2009). Kinupkop ito ng mga taga-Panay hindi lamang sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga ito ng pagkain at iba pang pangangailangan kundi higit sa lahat, sa pagtatanggol sa mga ito laban sa pangangayaw Moro. Tinulungan nila ang mga Español sa mga inilunsad na mga kontra-pangangayaw sa mga Moro sa pamamagitan ng mga ginawang pagsalakay sa Mindanao at Sulu (Bernaldez y Fernandez de Folguras 1857; Regalado at Franco 1973; Villan 2009).

Ganito rin ang kanilang ipinakitang pagkandili sa mga Español sa mga laban nito kontra-Tsino mula taong 1602 hanggang 1663 kung saan higit na naramdaman ang pagiging balisa ng mga mananakop sa pagharap sa kanilang mga katunggaling Olandes, Tsino, at Cagayano (Morga 1609a, 1609b; Villan 2009). Dahil sa suliraning nabanggit, higit na pinaramdam ng mga taga-Panay ang kanilang pagtulong sa kanilang mga kinapatid na Español sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Hen. Juan de Silva kung saan sila naging *armadilla* (hukbo) na ginamit upang salakayin ang teritoryong Moro sa Mindanao (Villan 2009). Walang maliw na ipinahayag ng mga taga-Panay ang kanilang pagkandili sa mga Español hindi lamang sa pagharang sa mga Moro na makapasok sa karagatan ng Kabisayaan kundi maging sa walang patid na pagtulong sa mga ito na makapagtatag ng mga muog sa katimugan tulad ng *Fortaleza de Tandag*, *Fortaleza de Zamboanga*, *Residencia de Dapitan*, at maging ang nasa Ternate, Indonesia mula taong 1609 hanggang 1663.

Ipinaramdam din ng mga taga-Panay ang kanilang pagkandili sa mga kinapatid na Español sa pamamagitan ng mga inilunsad na pagtatanggol ng Maynila kung saan naging bantay sila ng isla ng Corregidor upang lalong palakasin sa dakong iyon ang unang linya ng depensang Español sa

bunganga ng Look ng Maynila na kinasangkutan din halimbawa ng mga kaalyadong *Mardicas de Ternate* (Maragondon) at Pampango (Mariveles). Dahil sa hindi natuloy ang naturang pag-atake ni Koxinga at mga kasamahang Tsino, kanila ring sinuportahan ang pagbaling ng mga Español para sa entrada ng Zambales at Cordillera (Diaz 1718a, 1718b) sa pamamagitan ng pagiging boluntaryong kawal ng España para maisakatuparan ang naturang layunin mula taong 1663 hanggang 1719 (Villan 2009).

Makikita rin muli ang maalab na suporta ng mga taga-Panay sa mga Español mula sa panahon ni Gob. Hen. Manuel Bustamante na nagpasimuno para sa muling pagbabalik sa Mindanao sa taong 1719 hanggang sa sinimulan ang mas organisado at marubdob na pakikibaka laban sa mga Moro sa panahon ni Gob. Hen. Narciso Claveria sa taong 1848 (Villan 2009). Sa katunayan, hindi lamang sila maaasahang tauhan sa mga muog kundi naging pangunahing lakas na hukbong pandagat ng España para sa nabanggit na simulain at adhikaing kolonyal sa nasabing dako. Sa muling pagbangon ng pangangayaw Moro noong dekada 1720 (Bernaldez y Fernandez de Folguras 1857; Villan 2009) at sa tugatog nito noong dekada 1750 (Montero y Vidal 1887; Villan 2009), matingkad na ipinaramdam ng mga taga-Panay ang kanilang maalab na tulong sa panahon ni Gob. Hen. Pedro Manuel de Arandia Santisteban na nakilala bilang tagapagbuo ng kawal ng kaharian at tagapagbuhay ng bantog na *La Armada de Pintados* (Bautista 1984; Mallari 1986; Villan 2009). Humantong iyon paglaon sa pagkabuo ng *Marina Sutil* sa taong 1778 (Mallari 1986; Villan 2009). Nilalayon ng naturang hakbangin ng mga Español na kagyat nang wakasan ang sa tingin nilang matagal nang suliraning Moro sa katimugan na lalong pinaigting sa taong 1848 sa ilalim ng pangangasiwa ni Claveria (Villan 2009, 2013).

Samantala, sa pag-asang tuldukan na yaong suliraning Moro, kumakatawan ang mga taong 1848 (Alencon 1870; Villan 2009) hanggang 1898 sa pinakamabisang yugto ng pagharap ng mga Español at Panayanhon sa kanilang katunggaling Moro sa kapuluan (Zaide at Zaide 1987; Montemayor 2005; Villan 2009). Nasaksihan halimbawa sa mga taong nabanggit hindi lamang ang puspusang pagharap sa kanilang kaaway kundi higit sa lahat, ang mahigpit na pagpapakita ng *pagpapa-ilub*, *pag-unong*, at *pag-aamok* ng mga Panayanhon sa itinuring nilang kaaway ng kanilang mga kinapatid na Español na isinagawa sa ilalim at bisa ng naestablisang ritwal ng *sanduguan*.

**KABUHI, KINAAYO, AT DUNGOG:
PAGSASAKABULUHAN SA SIKOLOHIYA NG PAGLILINGKOD-BAYAN
SA PANAY SA PANAHOON NG HIMAGSIKAN, 1896-1898**

Ang ginawang *pagpapa-ilub*, *pag-unong*, at *pag-aamok* ng mga Panayanhon sa panahon ng kairalan ng kolonyal na karanasan ay malinaw na nakasalig sa sikolohiya ng paglilingkod-bayang nagpapahalaga sa *kabuhi*, *kinaayo*, at *dungog*. Sa ginawang pagmamasid ni Soncuya (1917) sa malaganap na kalinangan at kamalayang ito ng mga mamamayan ng Panay, ipinakilala niya ang katauhan ng mga Pilipino sa isla ng Panay. Ayon pa nga sa kanyang pagpapaliwanag:

...sa pag-uugnay, nagtataglay ang mga taga-Panay ng sumusunod: ang *ilub*; ang *amok*; at ang *unong*... ang kawalang kaalaman at di-pagsaalang-alang sa mga ito ang magiging dahilan ng malaking kapahamakan... (Soncuya 1917) (akin ang malayang salin).

Upang higit na maunawaan ang ganitong sikolohiyang panlipunan ng mga Panayanhon, tunghayan ang Hanayan na elaborasyon at pagpapaliwanag hinggil sa kabuluhan ng sikolohiyang ito ng paglilingkod-bayan ng mga mamamayan ng Panay (Villan 2009, 20013a, 2013).

Nakapangyayaring puwersang maituturing ang sikolohiyang nabanggit sa pagkahubog ng kanilang pagkatao upang isakaturapan ang katungkulang paglilingkod-bayan sa pamamagitan ng pagbalikwas at pagsaalang-alang sa *kaloobang bayan*. Dahil sa matinkad ang pagsaalang-alang sa *kabuhi*, *kinaayo*, at *dungog*, naging mabilis ang pagtanggap ng mga mamamayan ng Panay sa *Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan* (Katipunan o KKK) na nagsimula noong Hulyo 7, 1892 para sa pagkakapit-bisig ng mga Anak ng Bayan sa buong Sangkatagalugan. Ang kanilang pagpapahalaga sa *kaloobang bayan* na binanggit sa itaas at naging

Hanayan
Sikolohikal na Sanhi ng Himagsikang Pilipino sa Panay

ILUB	Tumutukoy sa lubos na <i>pagpapakumbaba</i> ng kanyang sarili upang bigyan ng kaukulang pagpapahalaga ang kapakanan ng <i>ibang tao</i> sa halip na unahin ang sariling kapakinabangan.
	Tumutukoy sa lubos na <i>pagpaparaya</i> para sa kapakanan ng <i>ibang tao</i> na isinasagawa sa pamamagitan ng pagtitiis na nilalakipan ng <i>kababaang-loob</i> , <i>pagtitiyaga</i> , at katapangan sa pagharap sa matinding kahirapan.
UNONG	Katumbas sa wikang Tagalog ng <i>pakikisamang pisikal</i> ngunit kung iuugnay sa konsepto ng <i>kalooban</i> , <i>pakikipagkapwa</i> , at <i>kapatiran</i> , tumutukoy ito sa hindi pag-iwan, laging pananatili, at katapatang humahantong magpahanggang sa kamatayan. Pagpapahayag ito ng di-kumukupas at walang katapusang pag-ukol ng nag-uumapaw na pag-ibig sa <i>hindi ibang tao</i> (asawa, magulang, kapatid, at kamag-anak) at <i>ibang tao</i> (kakilala, kasama, at kaibigan).
	Tumutukoy sa pakikisamang nilangkapan ng <i>di-masukat na pakikiisa</i> alang-alang sa kapakanan ng <i>kapwa-tao</i> . Ipinagkakaloob ang sarili alinsunod sa <i>walang kapantay na katapatan</i> na bunga ng naestablisang <i>samahan</i> , <i>damayan</i> , at <i>pagmamahalan sa isa't-isa</i> na maaaring makita sa ugnayang namamagitan sa magkasintahan, mag-asawa, magulang-anak, magkapatid, magkaibigan, magkamag-anak, at magkababayan.
AMOK	Matandang kataga sa kapuluang Timog Silangang Asya na tumutukoy sa <i>pagbulalas ng kinuyom na galit</i> na bunga ng sobra-sobrang pagpaparaya, pagpapakumbaba, pakikiramay, at paghahandog ng buhay alang-alang sa naestablisang <i>kapatiran</i> na humantong sa damayan, tulungan, at walang iwanan magpahaggang sa kamatayan.
	Pagpapakita ng konkretong aksyon ng <i>kinimkim na galit o poot sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ribuk</i> (himagsikan) at <i>kagubot</i> (pakikidigma) upang tapusin na ang ugnayang namamagitan sa dalawang panig.

daan sa kanilang *pagbubulalas ng kalooban* o malawakang *pag-aamok* ay nakasalig sa kanilang matagal na ginawang *pagpapa-ilub* at *pag-unong* sa mga Español na itinuring nilang kapatid at kanilang inilayan ng di-masukat na pagkalinga, pagdamay, at pagmamalasakit. Makikita natin ang ganitong hinanakit ng *kalooban* sa panitikan ng himagsikang Pilipino:

Buhat ng ito’y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong daan taong mahigit na ang lahi ni Legazpi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan; ating pinagtatamasa at binubusog kahit abutin natin ang kasalatan at kadayukdukan; iginugugol natin ang yaman, dugo, at sampu ng buhay sa pagtatanggol sa kanila; kinakahamok natin sampu ng tunay na mga kababayan na ayaw pumayag na sa kanila’y pasakop; at gayundin naman, nakipagbaka tayo sa mga Intsik at mga Olandes na nagbalang umagaw sa kanila nitong Katagalugan (Bonifacio 1896).

Ano kung gayon ang naging bunga ng *pagpapa-ilub* at *pag-unong* sa kanila ng mga Pilipino, lalo na yaong ginawang pagsuporta sa kanila ng mga Panayanhon na makikita halimbawa sa pagbuo ng mga *La Armada de Pintados* mula noong 1602 hanggang sa pagkakabalangkas ng *Ilonggo Volunteers* noong 1896 kung saan ang mga taga-Panay ay kabilang sa pinakapangunahing mamamayan na pinagmumulan hindi lamang ng kanilang naging panustos para sa kampanyang militar laban sa mga Moro, Tsino, Olandes, at Ingles? Gaano katindi ang kanilang naging *saloobin* kaugnay sa kanilang ginawang *pagpapa-ilub* at *pag-unong* na makikita halimbawa sa pagsama-sama ng mga Anak ng Bayan sa Panay sa nabanggit ding taon? Mararamdaman natin ito sa kapayahagan ng mga Anak ng Bayan:

Ano ang nakita nating pagtupad sa kanilang kapangakuan...? Wala kundi pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala at mga pagtupad sa kanilang ipinangakong tayo’y lalong gigisingin sa kagalingan at bagkus tayo’ng binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak na asal, pinilit na sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan. Iminulat tayo sa isang maling pananampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan (Bonifacio 1896).

Dahil sa hinanakit na iyon ng kanilang *buut* bunsod ng matinding *pagpapa-ilub* at *pag-unong*, mula sa makasaysayang pook ng Tondo kung saan unang umusbong ang Katipunan, nagpasimula ang dakilang layuning *humilway* (lumaya), *magkinaugalingon* (magsarili), at *maging maayo* (guminhawa) sa sariling tinubuang bayan. Mababakas ang pagsisikap na ito ng mga Anak ng Bayan na may panimulang nilalayong:

...papag-isahin ang loob at kaisipan ng lahat ng Tagalog sa pamamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito’y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuiran at Kaliwanagan (Jacinto 1996).

Isang pagtatampok ang siniping salaysay ukol sa paunang hakbang ng pagsasanib ng *loob* na konkretong naipapahayag sa pamamagitan ng pagsama-sama ng bawat *lawas* na bumubuo ng Katipunan kung saan magagamit ang naturang estratehikong paghuhugpong ng mga Anak ng Bayan para mailunsad ang pagwasak sa “tabing na nakabubulag sa kaisipan.” Konkretong hakbang ang pagwasak sa tabing upang matuklasan ang tunay na daan ng katwiran at kaliwanagan. Bilang panawagan ni Bonifacio sa mga Anak ng Bayan na naghahangad na maitaguyod ang paninindigan at *kalooban* ng bayan, sinabi pa niyang:

...O mga kababayan! Ating idilat ang bulag na kaisipan at kusang igugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag-asa na magtagumpay sa nilalayong kaguinhawahan ng ating tinubuan (Bonifacio 1896).

Paninindigang maituturing ang kusang pagbubukas ng kaisipan mula sa matagal at mahimbing na pagkatulog na maiugat sa sikolohiya ng *ilub* at *unong*. Magiging daan yaong kamulatan ng kaisipan sa paggamit ng lakas ng mga Anak ng Bayan sa pamamagitan ng malawakang *pag-aamok* (himagsikan) tungo sa ikagagaling at ikagiginhawa ng lupang tinubuan. Tila nalugmok kung tutuusin sa matinding sakit ang lupang tinubuan kung kaya’t kinakailangan itong gamutin nang sa gayo’y mapawi na ang dinaranas na *hibubun-ot sang kabubut-on* (sakit ng kalooban) at makakaranas ng hinahangad na *kaginhawaan*.


Bunsod nito, ang kaalipinang dinaranas ng mga Pilipino sa ilalim ng pananakop ng mga Español sa loob ng mahigit tatlong daang taong pagtitimpi at pagtitiis, at *pagpapailub* at *pag-unong* (pagpapakumbaba at pagpaparaya), ang kaliwanagan ng kanilang kaisipan ay katumbas na rin ng paglaan ng kanilang *kusog* (lakas) sa isasagawang *pagribuk* (kolektibong *pag-aamok*) tungo sa pag-abot ng *kalooban* ng bayan na walang iba kundi ang *kinaayo* (maalwang buhay at pamumuhay). Ang kanilang ipinakitang *pagpapa-ilub* at *pag-unong* sa mga ekspedisyon, entrada, at samu’t saring paglilingkod para sa kapakanan ng mga Español ay sinuklian ng pag-uupasala, pagpapatapon, at pagpatay. Kaya hindi nakapagtata kang matapos maipahayag ang gayong niloloob ng mga Anak ng Bayan ay lubhang naging mabilis ang pagkalat ng Katipunan sa iba’t ibang panig ng bansa—Batanes, Ilocos, Pangasinan, Bikol, Aklan, Capiz, Cebu, at iba pa (Quisumbing at Rodriguez 1991; Quisumbing 1994; Abano 1994; Apilado 1994; Azurin 1994; Ganancial 1994; Madrid at Cabanero-Mapanao 1994; Tadeo-Pingol 1994; Veneracion 1994; Barrios *et al.* 1997; Villan 2000).

Sa Panay, ang maagang paghuhukbo na kilusang Babaylanato at pangkat ng mga Pulahan ang naging panimulang daan sa paglago ng kilusan sa paghihimagsik na pinangunahan ng estratehistang Katipunerong si Hen. Juan Arce (Sigma) sa Capiz (Villan 1998 at 2000). Maliban kay Arce, kinasangkutan din ang kilusang nabanggit sa Capiz nina Hen. Hilario Oro (Dumalag), Hen. Macario Lusco (Tapaz), Hen. Esteban Contreras (Pontevedra), Hen. Candido Iban (Malinao), Hen. Francisco del Castillo (Kalibo), at Hen. Rafael Maraingan (Kalibo) (Alba 1955; Sonza 1962; Regalado at Franco 1973; Amigo 1995; Villan 1998; Barrios *et al.* 1997; Barrios 1998).

Sa kabilang dako, hindi lingid sa kaalaman ng mga Español ang lumalawak na paghihimagsik sa Kabisayaan na pangunahing makikita sa mga pulo ng Panay at naramdaman na rin sa mga pulo ng Cebu, Leyte, at Samar. Sa Panay, ang inilunsad na pagsasanib-pwersa ng pangkating Bukidnon, Ati, at Katipunero sa ilalim ng inisyatiba ni Arce ay katibayan na nagresulta ang nasabing paghuhugpong ng tatlong pangkat sa nasabing pook sa paglawak at pagtibay ng armadong kilusan sa nasabing dako. Hindi alintana ng mga Anak ng Bayan ang superyoridad ng mga Español hindi lamang sa taglay na kapangyarihang hawak ng mga ito sa pamahalaan kundi higit sa lahat ang nakaumang na panganib mula sa hukbong sandatahan ng mga kaaway na maaaring kumitil ng kanilang buhay sa mga labanan. Naging ganito katatag ang *kalooban* ng mga bayani ng Panay na harapin ang mga kaaway at nagpakita ng di-matatawarang katapangan para maitaguyod ang niloob ng bayan para sa kanilang itinataguyod na *kabuhi*, *kinaayo*, at *dungog* na inilalarawan sa Figura 4.

Sa mga naging tala ng kasaysayan, makikita ang diwa ng gawaing *pag-aamok* sa ipinakitang kawalang-takot ng mga Katipunero ng Panay na harapin ang mga Español. Ang naganap na pag-atake sa Tapaz, Capiz halimbawa noong Pebrero 24, 1897 at ang mga kasunod pang pakikipagbuno


Figura 4
Pagsasalarawan sa Tatluhang Larangan ng Sikolohiya sa Pagpapahalagang Panlipunan at Paglilingkod-bayan ng mga Bisaya




noong Marso 21, 1897 ay humantong tungo sa kawalang-habag na paghihiganti ni Kol. Ricardo Monet na bumuwis ng 19 na martir ng Kalibo; ngunit di kinawalan ng moral para ipagpatuloy ang kanilang nasimulang malawakang *pag-aamok* sa mga Español sa naturang isla ng Kabisayaan (Sonza 1962; Villan 1998, Solidum 2009).

Sa katunayan, matapos maganap ang malagim at di-makataong pagkapaslang sa 19 Katipunero ng Aklan, buong giting at tatag na hinarap iyon ni Arce sa pamamagitan ng pagtatag niya ng limang pangunahing ilihan sa hilagang Panay—Macawiwili (Altavas, Aklan), Calupugan (Pilar, Capiz), Candelaria (Tapaz, Capiz), Izquierdo (Dumalag, Capiz), at Paligiran (Sigma, Capiz) (tingnan ang Figura 5 at Larawan 2) (Villan 2000).

Figura 5
Mga Ilihan ng Katipunan sa Capiz (1896-1898)



Larawan 2
Sentrong Ilihan ng Paligiran



Itinalagang sentrong ilihan ni Hen. Juan Arce sa Mansacul, Sigma, Capiz. Larawang kuha ni Antonio Villan Jr. at ng may-akda (Hulyo 4, 2013).

Tanging sa konsolidasyon ng tatlong pangkatin ng mga mamamayan sa Panay at paglalatatag ng limang ilihan, sinikap din ni Arce ang malawakang pagsasagawa ng *pag-aamok* sa pamamagitan ng maingat na pakikipag-ugnay sa mayayamang angkan at lider ng mga bayan sa hilagang Panay. Ilan sa mga taong ito na sinikap ni Arce na makisangkot para mapatatag ang kanilang hanay ay sina Don Ramon Hontiveros (Mambusao), Kap. Munisipal Don Tomas Javillo (Sigma), Kap. Leon Bauson (Dao), Eugenio Diestro (Panit-an), Mariano Frejules (Cuartero), Kap. Manuel Fermalino (Dumalag) at Ezequiel Fermalino (Dumalag) (Calmerin 1933; Villan 2000).

Bukod dito, pinatibay rin ni Arce ang kanilang depensa sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kaukulang bantay mula sa mga pangunahing daan sa Capiz (Roxas City ngayon) tungong Dumarao (hangganang bayan ng Capiz sa Iloilo) upang maging mabisang paraan iyon sa paghahanda at operasyon ng mga Katipunero sa mga ilihang kanilang pinagkakakutaan. Nagsimula ang operasyon para sa malawakang *pag-aamok* ng mga hukbo ng Katipunan sa Capiz na pakikipaglaban sa mga Español sa pamamagitan ng mahigpit na koordinasyon mula sa mga nakaestasyong Anak ng Bayan sa mga ilihan at mga bantay na nakatalaga sa mga pangunahing daan ng Capiz na inilagak ni Arce (Bolante w.tn.; Villan 2000). Nagpatuloy ang gayong estratehiya ng mga Katipunero para harapin ng walang takot ang mga Español kahima't ang mga ito ay pinag-uusig at pinaslang ng mga hukbo ni Monet sa buong nasasakupan ng Capiz.

Upang ipakita ang kanilang kawalang-takot sa paglulunsad ng malawakang *pag-aamok* at paghihiganti na rin sa sinapit ng kanilang kasamahang Katipunero sa Kalibo, noong Abril 15, 1898 inilunsad ng Katipunan ng Panay ang kanilang walang patumanggang pag-aarangkada kontra sa mga Español sa pamamagitan ng pagkubkob ng *Pueblo de Pan-ay*. Ang pinagsanib na hanay ng mga mandirigmang Ati, Bukidnon, at Katipunero na naarmasan lamang sa pamamagitan ng kanilang mga sibat at pana, sumbiling, itak, at ilang iba pang *armas de fuego*, ay kumubkob sa naturang baybaying bayan ng Capiz. Mula sa 2,000 kataong nakalagak sa may katimugang Pan-ay, nagsimula sa pangunguna ni Kol. Pascual Barza ang sagupaan sa pook ng Lahab kasabay sa naroon nang sumasalikop na di-matukoy na bilang ng mga hukbo sa pook ng Tanza Norte. Ang tala ng mga autoridad sa naturang pagkubkob ng mga Katipunero sa *Pueblo de Pan-ay* ay umaabot sa bilang na 15,000 manghihimagsik (Villan 2000). Bagama't di tuluyang naipagwagi ng mga Pilipino ang naturang sagupaan dahil sa pang-eespiya at pagsuplong ng paring si Antero Bediones, naghatid ito gayunman sa kabilang dako ng malaking ligalig sa panig ng mga Español at nagpalakas lalo ng moral ng mga hukbo (Villan 2000).

Nagpatuloy ang mga naturang marubdob na kapahayagan ng malawakang *pag-aamok* sa iba't ibang bahagi ng lalawigan hanggang sa nakisangkot na ang mga Ilonggo mula sa Iloilo sa ginawang maalab na paghihimagsik na ito sa Capiz na makikita sa pag-iwan ng mga boluntaryo sa nasabing lalawigan sa mga Español at tuwirang pagtakwil mismo ng maraming bilang ng Ilonggo sa inialok na reporma ni Hen. Diego de los Rios na ipinalabas niyang proklamasyon noong Oktubre 12, 1898. Sa halip, nakipag-isa na rin sa inilunsad na pagribuk ang mga nasabing boluntaryong hukbo sa kanilang mga kababayan sa pamamagitan sabay-sabay na sigaw bilang hudyat ng malawakang paghihimagsik pagsapit ng Oktubre 28, 1898 (Villan 1998, 2009).

Naging gayon ang pagkilos ng mga Ilonggo dahilan sa lubhang huli na ang naturang alok ng reporma sa mga boluntaryong Ilonggo at masasapantahang wala nang bisa pang maaaring maasahan para sa patuloy na eksistensiya ng kanilang pamamahala sa Pilipinas sapagkat naging malawakan na ang pagbulalas ng hinanakit ng *kalooban* ng mga mamamayan ng Panay. Hindi maikukubli ang gayong damdamin ng mga Panayanhon laban sa mga Español dahil sa nagbubulaga sa kanilang harapan ng katotohanang mahina na ang hukbo ng mga Español sa Pilipinas sapagkat kanilang nasisipat na mayroon na lamang 700 sundalong nalalabi mula sa kabuuang bilang nitong 10,374 noong unang bahagi ng taong 1898. Masasabing isang hakbang na pulitikal sa panig ng mga Ilonggong boluntaryo ang gayong sabayang sigaw para sa paghihimagsik upang dominahin naman sa dakong iyon ng Panay ang himagsikang Pilipino sa nasabing isla (Hernandez 2008; Villan 2009).

Pagsapit ng Nobyembre 17, 1898, kitang-kita ang gayong simulain sa tanyag na pagkabuo ng *Asemblea de Sta. Barbara* kung saan ipinahayag doon ng mga rebolusyonaryong hanay ng mga Ilonggo ang pagkakaroon ng *Provincial Revolutionary Government of the Visayas* sa ilalim ng pamumuno ni Hen. Roque Lopez na tumayo bilang Pangulo at Hen. Martin Delgado na tumatayo naman sa kabilang dako bilang Punong Kumander ng rebolusyonaryong hukbo (Taylor 1971; Regalado at Franco 1973; Villan 1998; Villan 2009).

Kabilang sa nanungkulan sa nasabing pamahalaan sa Bisayas sina Hen. Vicente Franco, Pangalawang Pangulo at Kalihim Panloob; Hen. Venancio Concepcion, Kalihim ng Pananalapi; Hen. Ramon Avanceña, Kalihim ng Estado at pansamantalang Kalihim ng Katarungan; Hen. Julio Hernandez, Kalihim ng Digma; at Hen. Fernando Salas, Pangkalahatang Kalihim. Sina Hen. Perfecto Poblador at Hen. Pascual Magbanua ang mga naitalagang Heneral ng Dibisyon (Hernandez 2008; Villan 2009).

Magkagayunman, pagsapit ng Disyembre 10, 1898, hindi naging paborable sa hanay ng mga rebolusyonaryong Ilonggo ang naging pag-uusap sa Paris kung kaya't kaagad na ipinarating para sa kabatiran ni de los Rios ng España ang pormal at lehitimong pag-angkin sa Pilipinas ng mga Amerikano. Ipinagbigay-alam ng mga Amerikanong opisyal kay Hen. Elwell Otis sa Pilipinas na hanggang Disyembre 13, 1898 na lamang maaaring makapanatili ang mga Español sa Pilipinas. Gayunma'y, kinakailangang agapayanan ang mga ito hanggang sa tuluyang makaalis papalabas ng Kabisayaan ang mga Español (Hernandez 2008; Villan 2009). Pormal na lumisan ang hukbong Español sa Iloilo noong Disyembre 24, 1898 (Taylor 1971; Hernandez 2008; Villan 2009).

PANGWAKAS

Naging makahulugan kung gayon sa panlipunang pananaliksik ang tatlong larangan ang kabuuan ng tao na kinabibilangan ng *lawas*, *huna-huna*, at *batyag* hindi lamang para sa larangang metodolohikal kundi maging sa pagbuo ng teorya at paghabi ng mga bagong kaisipan sa pangkasaysayang pananaliksik.

Sa pangkalahatan, naging mahalaga ang pagpapaksa sa *ilub*, *unong*, at *amok* bilang nakapangyayaring sikolohiya ng bayan sa paghubog ng mga panghimagsikang kaganapan sa Panay. Sa pamamagitan ng pagpapasundayag sa *buut*, napatunayan sa pamamagitan ng ginawang pagsusuri na kumakatawan samakatwid ang panlipunang sikolohiya sa pinakadiwa ng pamumuno at paglilingkod-bayang nakasalig sa pagtataguyod ng *kabubut-on sang banwa* na walang ibang nilalayan kundi ang maipagtanggol at mapalawig ng *kabuhi*, makaranas ng *kinaayo*, at makamit ang hinahangad na *dungog*.

Tangi rito, ang *lawas* din bilang anyong *gawas* o bahaging *labas* ng tao ang maituturing na sisidlang pangkamalayan ng bayan ukol sa gawaing *pangminsaron* (*huna-huna*) at *pangbalatyagon* (*batyag*) na kasumpungan ng makabuluhang diwa hinggil sa pagsasakatuparan ng panlipunang simulain. Manipestasyon o kapahayagan ng mahiwagang *buut* ng mga naestablisang halagahing panlipunan at samakatwid, nagsisilbing tagapagpakilos para sa pagsasakatuparan ng binanggit na *kabubut-on sang banwa*. Ang *kabubut-on sang banwa* ang siyang pamalagiang isinusulong at isinasakatuparan sa madaling salita ng mga bayaning kinikilala sa lipunan bilang lingkod-bayan (halimabawa nito, mga Katipunero) na maiuugat mula pa sa mga ninunong Austronesyano ng Panay na nagpasimula ng tradisyon ng pagbabatuk (*Pintados*) na lumawak kung tutuusin hanggang sa mga *ta moko* ng *Oceania* at *amoucos* ng Malaysia. Ang kanilang ginawang paghahandog ng buhay sa pamamagitan

ng kawalang-takot na mamatay at pumatay na humahangga sa pagwawasak ng anupamang naririyang alang-alang sa nakararaming *kapwa-tao* sa sentido man ito ng *ibang tao* at *hindi ibang tao* ay tinitindigang hindi isang kondisyong saykayatriko o pangmedisina kundi isang sagradong pananagutang kanilang isinakatuparan sapagkat ang gayong di-nasusulat ngunit nakabaon sa *buut* na pananagutan, ay inaasahan ng kanilang pinaglilingkurang bayan at kinabibilangang lipunan.

Sa kabuuan, ang mga inilunsad na pagtupad ng katungkulang panlipunang nakasalig sa pagpapahayag ng nasabing *kalooban*, sa bisa ng katawang pinagsanib ng Katipunan at iba pang pangkat ng mga Anak ng Bayan (Ati, Panay-Bukidnon, at Mayoriyang Mamamayan) upang maging mararahas na nilalang sa panahon ng himagsikan ang nagpabago sa buhay at pamumuhay ng mga tao sa kapuluang Pilipinas. Nanatili ang *lawas* ng mga Katipunero sa himagsikan sa Panay sa partikular at Pilipinas sa kabuuan bilang kasangkapan ng mulat na *huna-huna* at di-manhid na *batyag* sa pagsasakatuparan ng pinakadakilang layunin ng paglilingkod at pamumunong bayan sa Panay. Daluyan, luklukan, at tagapaglikha ng panlipunang halagahin sa madaling salita ang *ilub*, *unong*, at *amok*—mga salalayang sikolohikal sa ugnayang panlipunan at samakatwid, panlipunang kasangkapan sa pagpapahayag ng katatagan ng *kalooban* ng mga bayani ng bayan.

Talahuli

¹ Literal na nangangahulugang “Ginawan ng masama sa Ma-it!”, gayunman, maaaring tumukoy ito sa kamalasang sinapit ng ginawang pangangayaw sa Ma-it na maiuugnay bunsod ng pagkakalupig ng inilunsad na pangangayaw o pangungubat sa naturang pook pangayawan.

² Maisasalin ito bilang “...saang Ma-it ka nagawi/nangayaw/nakipagsapalaran apo.” Isang saway ito ng aking lola at iba pa tulad nang naobserbahan sa sinumang hindi umuwi nang maaga sa bahay na maiuugnay marahil sa kanilang labis na pag-aalaala sa sinapit ng kanilang malapit sa buhay na dumayo o pumaroon sa ibang lugar. Hanggang sa ngayon, nanatili ang Maynila at Luzon sa kabuuan na pangunahing pook pangayawan ng mga taga-Panay kapagka sila’y nakakaranas ng matinding krisis pangkabuhayan sa kanilang mga lalawigan.

Sanggunian

Abano, V.F. (1994). Ang mga martir ng Camarines Norte. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 251-263.

Aguilar, F.Jr.V. (1998). *Clash of spirits: The history of power and sugar planter hegemony on a Visayan island*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Alba, D. (1955). *Fragments of the Philippine revolution (in Capiz) and a brief historical account of the separation of Aklan to be a province*. Manila: W.T.

- Alcazar, D. J.d. (1893). *Historia de los dominios Espanoles en Oceania y Filipinas*. Manila: D. J. Atavide y Comp.
- Alejo, A.E. (1990). *Tao po! Tuloy! Isang landas ng pag-unawa sa loob ng tao*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Alencon, F.P.M.dO. (1870). *Luzon and Mindanao*. Tsln. E. Aguilar Cruz. Manila: National Historical Institute, 1986.
- Alfonso, I.C.B. (2010). Ulat ukol sa isyu ng pagkakatatag ng lalawigan ng Bulacan at ang paglilinaw sa koneksyong pangkasaysayan at pangkalinangan nito sa Pampanga. Nasa A.dR. Crisostomo, J.B. Veneracion, R.S. Naguit, at I.C.B. Alfonso, *La primera provincia: Mga tinipong papel hinggil sa pagkakatatag ng lalawigan ng Bulacan*. Malolos: Bahay Saliksikan ng Bulacan, Bulacan State University, 87-139.
- Amigo, R. (1995). Ang hublag rebolusyonaryo sang Capiz (1897-1901). Nasa Center for West Visayan Studies, University of the Philippines in the Visayas, *Proceedings of the 4th Conference on West Visayan History and Culture*. Iloilo City: Center for West Visayan Studies, University of the Philippines in the Visayas, 1-26.
- Apilado, D.P. (1994). Ang Katipunan sa Ilocos: 1898-1902. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 187-197.
- Arteche, J.d. (1947). *Legazpi: Historia de la conquista de Filipinas*. Zarauz (Guipozcoa): Editorial Icharopena.
- Azurin, A.M. (1994). Bakit naitsapwera ang mga Ilokanong Katipunero sa kasaysayan ng rebolusyon? Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 199-206.
- Barrios J.E. (1998). Pagkaeaeaki: Body/power in a revolutionary movement. Nasa Center for West Visayan Studies, University of the Pilipines in the Visayas (pat.), *Proceedings of the 8th Conference on West Visayan History and Culture*. Iloilo City: Center for West Visayan Studies, University of the Pilipines in the Visayas, 61-67.
- Barrios, J.E, M. Cichon, at D. Ilio (1997). *The Katipunan in Aklan*. Manila: Metro Manila Commission.
- Bautista, R.B. (1984). Proud heritage, glorious past. Nasa Antonio Orindain II (pat.), *Zamboanga hermosa: Memories of the old town*. Mandaluyong: Filipinas Foundation, Inc., 81-104.

- Bellwood, P., J.J. Fox, at D. Tryon (1995). The Austronesians in history: Common origins and diverse transformations. Nasa P. Bellwood, J.J. Fox, at D. Tryon (mga pat.), *The Austronesians: Historical and comparative perspectives*. Canberra: The Australian National University, 1-16.
- Bernaldez y Fernandez de Folguras, E. (1857). *Resena historica de la guerra al sur de Filipinas sostenida por las armas Espanolas contra los piratas del aquel archipelago, desde la conquista hasta nuestras dias*. Madrid: Imprenta del Memorial de Ingenieros.
- Bolante, J.B. (w.tn.). *A comprehensive history of Capiz; In search of identity*. Roxas City: Capiz Provincial Government at Capiz Buklod ng mga Kabataang Kawani (BKK).
- Bonifacio, A. (1896). Ang dapat mabatid ng mga Tagalog. Nasa Z.A. Salazar, E.C. Yulo, at A.M. Navarro, *Talaarawan 1996; Handog sa sentenaryo; Himagsikang 1896*. Quezon City: Miranda Bookstore, En7/En8 [6-7].
- Boxer Codex (1590). *Sino-Spanish codex manuscript*. Bloomington: Indiana University, 2009.
- Callanta, C.V. (1989). *The Limahong invasion*. Quezon City: New Day Publishers.
- Calmerin, R. (1933). Ang ikaltu nga pagkinagubut sa Kapis sa pag-apin sa atun kaluwasan. makinaugalingon. Iloilo: La Panayana Press.
- Caro y Mora, J. (1898). *Ataque de Li-Ma-Hong a Manila en 1574; Resena historica de aquella memorable jornada*. Manila: Tipo Litigrafia D. Combes.
- Collins, R. (1990). Stratification, emotional energy, and the transient emotions. Nasa T.D. Kemper (pat.), *Research agendas in the sociology of emotions*. Albany: State University of New York Press, 27-57.
- Coupland, J. at R. Gwyn (2003). *Discourse, the body, and identity*. New York: Palgrave MacMilan.
- Covar, P.R. (1995). Kaalamang dalumat ng pagkataong Pilipino. *Professional Chair Papers*, 95-4.
- Covar, P.R. (1998). *Larangan; Seminal essays on Philippine culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
- Crisostomo, A.dR. (2010). Ang pagbubuo ng lalawigan ng Bulacan: Mula alcaldia hanggang provincia, 1580. Nasa A.dR. Crisostomo, J.B. Veneracion, R.S. Naguit, at I.C.B. Alfonso, *La primera provincia: Mga tinipong papel hinggil sa pagkakatatag ng lalawigan ng Bulacan*. Malolos: Bahay Saliksikan ng Bulacan, Bulacan State University, 3-54.

- Diaz, C. (1718a). The Agustinian in the Philippines, 1641-1670. Nasa E.H. Blair at J.A. Robertson (mga pat. at tsln.), *The Philippine islands, 1493-1898; Volume 37*. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 149-284.
- Diaz, C. (1718b). The Agustinian in the Philippines, 1670-1694. Nasa E.H. Blair at J.A. Robertson (mga pat. at tsln.), *The Philippine islands, 1493-1898; Volume 42*. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 117-312.
- Dictionary 3.0 (2010-2011). Moko meaning and definition in dictionary. Nakuha noong Setyembre 14, 2013, mula sa Dictionary 3.0 Website: <http://goo.gl/VYY1jP>.
- Encarnacion, E.N. (1997). *Ang pamana ni Andres Bonifacio*. Quezon City: Adarna Book Services, Inc.
- Enriquez, V.G. (1976). *Sikolohiyang Pilipino; Batayan sa kasaysayan, perspektiba, mga konsepto, at bibliograpiya*. Quezon City: University of the Philippines Department of Psychology.
- Enriquez, V.G. (1978, Enero-Disyembre). Kapwa: A core concept in Filipino social psychology. *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, 42 (1-4), 100-108.
- Enriquez, V.G. (1989). *Indigenous psychology and national consciousness*. Tokyo: Institute for the Study of Languages and Cultures of Asia and Africa.
- Eugenio, D.L. (1994). *Philippine folk literature; The myths*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Fernandez, L.H. (1950). *A brief history of the Philippines*. New York: Ginn and Company.
- Francisco, J.M.C. (1996). The Tagalog “loob” in Oliver’s doctrina christiana. *Philippine Studies*, 44 (4), 526-531.
- Fraser, M. at M. Greco (mga pat.) (2005). *The body; A reader*. London at New York: Routledge, Taylor & Francis Group.
- Ganancial, N.S.H. (1994). Mindanao at Sulu sa panahon ng rebolusyon. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc., 289-299.
- Geertz, C.J. (1973). *The interpretation of cultures*. New York: Basic Books.
- Guerrero, M.C., E.N. Encarnacion, at R.N. Villegas (1996). Andres Bonifacio and the 1896 revolution. *Sulyap Kultura*, 2, 3-12.

- Guillermo, G. (1999). *Amok; Essays from an Asian American perspective*. San Francisco: Asian Week Books.
- Hernandez, P.F. (2008). *Iloilo, the most noble city: History and development, 1566-1898*. Quezon City: New Day Publishers.
- Hudson, K.L. (2013). Ta moko Maori tattoo; When imitation is the sincerest form of insult. Nakuha noong Setyembre 15, 2013, mula sa About.com Website: <http://goo.gl/Sc7tGK>.
- Jacinto, E. (1896). Sa may nasang makisanib sa Katipunang ito. Nasa V.S. Almario, *Panitikan ng rebolusyon(g 1896); Isang paglingon at katipunan ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto*. Quezon City: University of the Philippine Press, 1997, 156-158.
- Kaufmann, M.H.M. (1934). *Visayan-English dictionary (Kapulungan Binisaya-Ininglis)*. Iloilo: La Editorial.
- Kudva K.G. (2011). Redefining “amok” and other rampage-type culture-bound syndomes. *Asia-Pacific Psychiatry*, 3, 241-245.
- Lanaria, L.L. (2009, Marso). Lawas: An anthropo-theological discourse on the body in Cebuano-Visayan language context. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 35 (1), 55-82.
- Lee, Z.E. (2001). Ang konsepto ng pagkatao. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 10 (4), 261-269.
- Madrid, F. at R. Cabanero-Mapanao (1994). Mga Pag-aaklas sa Misamis at Cotabato. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 285-288.
- Maggay, M.P. (1999). *Understanding ambiguity in Filipino communication patterns*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture.
- Maggay, M.P. (2002). *Pahiwatig; Kagawiang pangkomunikasyon ng Filipino*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Magos, A.P. (1992). *The enduring Ma-aram tradition; An ethnography of a Kinaray-a village in Antique*. Quezon City: New Day Publishers.
- Mallari, F. (1986). Muslim raids in Bicol, 1580-1792. *Philippine Studies*, 34 (3), 257-286.
- Maza, R.M. (1987). *The Augustinians in Panay*. Iloilo City: Research and Development Foundation Inc., University of San Agustin.

- Mendoza, J.G.d. (1586). History of the great kingdom of China. Nasa E.H. Blair at J.A. Robertson (mga pat. at tsln.), *The Philippine islands, 1493-1898; Volume VI*. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 81-153.
- Mercado, L.N. (1972). Reflections on buut-loob-nakem. *Philippine Studies*, 20 (4), 577-602.
- Miranda, D.M. (1987, Oktubre). The meaning of budhi. *Diwa: Studies in Philosophy and Theology*, 12 (2), 101-106.
- Miranda, D.M. (1989). *Loob; The Filipino within: A preliminary investigation into a pre-theological moral anthropology*. Manila: Divine Word Publications.
- Montalban, F.J. (1930). *El patronato Espanol y la conquista de Filipinas*. Burgos: El siglo de las Misiones.
- Montemayor, M.S. (2005). *Captain Herman Leopold Schück: The saga of a German sea captain in the 19th century Sulu-Sulawesi Seas*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Montero y Vidal, J. (1887). *Historia general de Filipinas: Desde el descubrimiento de dichas islas hasta nuestras dias*. Madrid: Imprenta y Fundición de Manuel Tello.
- Morga, A.d. (1609a). *Mga pangyayari sa sangkapulang Pilipinas*. Manila: Pambansang Komisyon ng mga Bayani at The Journal Press, 1964.
- Morga, A.d. (1609b). Sucesos de las islas Filipinas. Nasa E.H. Blair at J.A. Robertson (mga pat. at tsln.), *The Philippine islands, 1493-1898; Volume XI*. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 300-331.
- Navarro, A.M. (2000). Ang bagong kasaysayan sa wikang Filipino: Kalikasan, kaparaanan, pagsasakasaysayan. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, 11.
- Noone, M.J. (1982). *The islands saw it: The discovery and conquest of the Philippines, 1521-1581*. Ireland: Richview & Nolan Limited.
- Quisumbing, J.R. (1994). Ang Katipunan at rebolusyon sa Cebu. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 275-283.
- Quisumbing, J.R. at C.A. Rodriguez (1991). *Leon Kilat (1873-1898) and the Cebu revolution of 1898*. Cebu City: S&G Printers.
- Regalado, F.B. at Q.B. Franco (1973). *History of Panay*. Jaro, Iloilo City: Central Philippine University.

- Rosenberg, S.W. (1988). *Reason, ideology, and politics*. New Jersey: Princeton University Press.
- Saint Martin, M.L. (1999, Hunyo). Running amok: A modern perspective on a culture-bound syndrome. *Primary Care Companion; Journal of Clinical Psychiatry*, 1 (3), 66-70.
- Salazar, Z.A. (1977). Ang kamalayan at kaluluwa: Isang paglilinaw ng ilang konsepto sa kinagisnan sikolohiya. Nasa R. Pe-Pua (pat.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, metodo, at gamit*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1982, 83-92.
- Salazar, Z.A. (1994, Nobyembre 29). Ang bayani bilang sakripisyo: Pag-aanyo ng pagkabayani sa agos ng kasaysayang Pilipino. Di-nalathalang papel, Pambansang Kumperensya ng ADHIKA ng Pilipinas, Tarlac State University, Tarlac City, Philippines.
- Salazar, Z.A. (1997, Pebrero 10). Ang limang panahon ng pamumunong bayan sa kasaysayan ng Pilipinas. Di-nalathalang papel, Katedratikong Panayam, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Salazar, Z.A. (1999). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, 4.
- Salazar, Z.A. (1998, Pebrero 26). Pahinungod: Pagpapakahulugan sa isang dalumat bilang pag-uugat sa kalinangan at kasaysayan ng kapilipinuhan. Di-nalathalang papel, Pagdiriwang ng ika-90 taon ng boluntarismo sa Unibersidad ng Pilipinas, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Sande, F.d. (1576, Hunyo 7). Relation of the Filipinas islands. Nasa E.H. Blair at J.A. Robertson (mga pat. at tsln.), *The Philippine islands, 1493-1898; Volume IV*. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 21-97.
- Shilling, C. (2003). *The body and social theory; Second edition*. London: Sage Publications.
- Shilling, C. (2005). *The body in culture, technology, and society*. London/Thousand Oaks/Delhi: Sage Publications.
- Solidum, E.T. (2009, Marso 5). Martyrdom, finest in Aklan culture and tradition. Nakuha noong Agosto 22, 2013, mula sa Madyaas Pen Website: <http://goo.gl/BF4ZGv>.
- Soncuya, J. (1917). *Historia prehispanica de Filipinas; Contenida en la conferencia sobre la isla de Panay*. Manila: W.T.
- Sonza, D. (1962). *Visayan fighters for freedom*. Sta. Barbara, Iloilo: A Treasured Legacy Book/Agustin Sonza & Sons.

- Spores, J.C. (1988). *Running amok; An history inquiry*. Ohio: Ohio University Center for International Studies.
- Sutherland, R.K. (1944, Nobyembre 27). Allied geographic section. *Southeasth Pacific Area; Terrain Study*, 101.
- Tadeo-Pingol, A. (1994). Mga Katipunero sa Piddig, Ilokos Norte. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 175-186.
- Tan, M.L. at F. Jocano (2010). *Lawas: Glosari ng mga katawagan sa katawan ng tao*. Quezon: University of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino.
- Taylor, J.R.M. (1971). The Visayas: The island of Panay, April 1898, to July 4, 1902. Nasa J.R.M. Taylor (pat.), *The Philippine insurrection against the United States; Volume II*. Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 375-410.
- Tirol, L.B. (1975). History of Bohol (Pre-Hispanic up to 1972). Di-nalathalang disertasyong doktoral, University of Sto. Tomas, Manila, Philippines.
- Turner, J.H. at J.E. Stets. (2005). *The sociology of emotions*. New York: Cambridge University Press.
- Turner, V.W. (2005). *Symbols and meaning*. Walnut Creek, CA: Altamira Press.
- Veneracion, J.B. (1994). May Katipunan sa Batanes noong 1996. Nasa F.C. Llanes (pat.), *Katipunan; Isang pambansang kilusan*. Quezon City: Trinitas Publising, Inc., 173-174.
- Villan, V.C. (1998). Hangaway: Ang pakikidigma ng mga hukbong Panayanhon sa himagsikan, 1896-1907. Di-nalathalang tesis masterado, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Villan, V.C. (2000). Heneral Juan Arce: Dakilang hangaway ng KKK at himagsikan sa Capiz, 1896-1897. *Balitang ADHIKA*, 2 (2), 3-6.
- Villan, V.C. (2009). Pintados: Mga hukbong Bisaya sa armadong ekspedisyong Espanyol sa Pilipinas, 1565-1898. Di-nalathalang disertasyong doktoral, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Villan, V.C. (2010a, Setyembre 17-18). Pag-abyanay: Images of friendship beyond the center. Di-nalathalang papel, Philippine-Spanish Friendship Day 2010—Pag-abyanay: Images of Friendship Beyond the Center, Iloilo City, Philippines.

- Villan, V.C. (2010b). Kahulugan, pinagmulan, at kinaroroonan: Ang talastasang Bisaya sa kasaysayang Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 16 (1), 1-26.
- Villan, V.C. (2010c). Isang pagpopook at paglalagom sa diskurso ng pagkakatatag at pagdiriwang ng araw ng Bulacan. Nasa A.dR. Crisostomo, J.B. Veneracion, R.S. Naguit, at I.C.B. Alfonso, *La primera provincia: Mga tinipong papel hinggil sa pagkakatatag ng lalawigan ng Bulacan*. Malolos: Bahay Saliksikan ng Bulacan, Bulacan State University, 155-170.
- Villan, V.C. (2012, Setyembre). Tungo sa pagpapalalim sa pag-aaral ng kalinangang pulitikal sa Pilipinas. *Saliksik: Saysay ng Salaysay E-Journal*, 1 (2), 108-113.
- Villan, V.C. (2013). Lawas, buut, patugsiling, 'ag dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 19 (2), 73-110.
- Wiley, M.V. (1996). *Filipino martial art culture*. Tokyo: Charles E. Tuttle Company.
- Zaide, G.F. at S.M. Zaide (1987). *History of the Philippines; Revised edition*. Metro Manila: National Book Store, Inc.